PAHAYAG ng KANYANG PAGDATING

BANAL NA KASULATAN

BILANG #78 | Salamat sa Diyos at lagi Niya tayong isinasama sa parada ng tagumpay ni Cristo - 2 Cor. 2:14

Ang Riyalidad ng Espirituwal na Labanan

ni Dave Butts

Nasa 2 Hari 6 ang kuwento ni propeta Eliseo at paglahok niya sa pakikipagdigma ng Israel sa mga taga-Siria. Nagdeklara ng digmaan ang hari ng Siria laban sa Israel. Hindi maganda iyon para sa Israel na napakaliit ng hukbo. Ipinatawag ng hari ng Siria ang kanyang mga heneral at ibinigay sa kanila ang plano ng paglusob sa Israel. Pero hindi napagplanuhan ng hari na ang Diyos ay nakikinig rin sa istratehiya nila. Sinabi ng Diyos kay Elias ang tungkol sa plano ng kaaway. Agad na ipinarating ni Eliseo ang impormasyon sa hari ng Israel. Dahil maliit ang kanyang hukbo, ang ginawa lang ng hari ng Israel ay umiwas kayat hindi sila natalo.

Nang maulit ang ganitong pangyayari, ipinatawag ng hari ng Siria ang lahat ng kanyang heneral at tinanong kung sino sa kanila ang nagpapalusot ng impormasyon sa mga Israelita. Ipinaliwanag ng kanyang mga heneral na walang sinuman sa kanila, kundi ang propetang si Eliseo ang nagbubunyag ng mga plano. Ipinaliwanag nila sa hari na nalalamang lahat ni Eliseo ang lahat na nangyayari, maski sa sariling silid ng hari. Natural na nainis doon ang hari!

Kaya nagsimula siyang gumawa ng mga plano upang mapigilan ang mga balak ng propeta. Ang bagong stratehiya ng hari ay simple lang. Tugisin ang nag-iisang tao – si Eliseo. Sa 2 Hari 6 ang kwento ay nagpatuloy kay Eliseo at ang kanyang batang tagapaglingkod sa maliit na pook ng Dothan. Ganito ang maiisip nating pangyayari nang umagang iyon. Ang tagapaglingkod ay mauunang bumangon, at katulad ng kanyang trabaho, lumabas at ipinaghanda ng almusal ang kanyang panginoon. Sa kanyang paglalakad palabas mapapansin ang kanyang pagkatakot dahil natanaw niya ang isang buong hukbo ng Siria na pinapalibutan ang maliit na pook. Madali siyang nagbalik at ginising ang propeta. Hindi mo ba makita si Eliseo na pupungas-pungas, kinukusot ang kanyang mga mata? Nakakahanga ang mga salitang lumabas sa kanyang bibig:

"*Huwag kang matakot pagkat marami tayo kaysa kanila.*" (v. 16).

Marahil ay nag-isip ang kanyang katulong, "Teka muna. Tayong dalawa lang ang naririto…"

At nagsimulang nanalangin si Elias. Ang nakamamangha sa kanyang panalangin ay ang bagay na hindi niya idinalangin. Hindi siya nanalangin na may takot, "O Diyos, iligtas ninyo kami sa hukbong ito!", sa halip ay payapa, ngunit nakahahangang hiling:

"Diyos, ibukas mo ang kanyang paningin." Sa ibang pananalita ay ganito ang ibig sabihin nito, "Panginoon, buksan ninyo ang mga mata ng batang ito upang makita niya kung ano pa ang naririto."

Ang kanyang panalangin ay sinagot agad-agad, at nabuksan ang mga mata ng kanyang tagapaglingkod at kaniyang nakita na napapalibutan ng hukbo ng kalangitan ang hukbong Siria. Isang hukbo ng mga anghel na nasusuotan ng pananggalang, nakahandang sundin ang utos ng Diyos.

Kayo na ang magbasa ng konklusyo ng kuwentong ito. Napakaganda ang pagtatapos nito. Hindi hiniling ni Eliseo sa Diyos ang pagdating ng mga anghel. Sa pamamagitan ng kaloob ng pagiging propeta, alam niyang naroon ang kanilang presensiya. Ang panalangin niya ay para sa kanyang batang tagapaglingkod, na dapat niyang malaman ang nakapag-iingat na presensiya ng mga anghel ng Diyos para sa kanila.

Totoong katotohanan

Ang Bibliya ay nagtuturo, mula sa umpisa hanggang wakas, ng pagkakaroon ng daigdig na hindi nakikita, ang daigdig ng mga spirito. Isang mundo ng mga anghel at demonyo, pero isa ring daigdig na ating hinahawakan araw-araw. Mahirap para sa marami sa atin na maniwala sa hindi makitang daigdig na ito. Madalas ay nakatuon tayo sa kung ano ang sinasabi ng ating pakiramdam. Mga bagay na ating nahahawakan, natitikman, naaamoy, naririnig o nakikita, ang mga bagay na totoo para sa atin. Ang isang hindi nakikitang daigdig ng mga spirito ay parang hindi makatotohanan.

Pinaniniwalaan natin ang mga kwento sa Biblia, pero hindi inaasahan ang mga katotohanan niyon sa sarili nating buhay. Idinidepensa natin ang mga di-kapanipaniwalang pangyayari sa Kasulatan pero hindi tayo naniniwalang mangyayari ito sa sariling buhay ngayon.

Ang gusto ko sa Salita ng Diyos ay hindi nito inilalahad ang daigdig ng espiritu na parang mahiwaga o hindi tunay. Inilalahad nito ang daigdig ng espiritu na para bang totoong-totoo. May mga bagay na nakikita; may mga bagay na di nakikita. Pareho silang totoo. Ang di-nakikitang daigdig ay hindi isang kababalaghan kundi matibay na katotohanan.

Si Jesus ay may matibay na panghahawakan sa riyalidad na ito. Alam Niya at nakikilahok Siya nang regular sa di-nakikitang daigdig. Pagkatapos ng Kanyang bautismo, nagpunta si Jesus sa ilang para sa pananalangin at pag-aayuno sa loob ng apatnapung araw. Sa panahong ito ay tinukso Siya ng diyablo. Ang paghaharap na ito ay hindi inilahad sa nakagugulat na paraan. Ipinapakita nito na pwede itong mangyari sa sinumang tagasunod ng Panginoon na magpapasyang sundin ang direksyon ng Diyos anuman ang mangyari. Ang labanan sa ilang ay hindi pinaglabanan sa mahimalang mga tanda, kundi sa tahasang paggamit ng Salita ng Diyos upang sansalain ang mga mungkahi ng kaaway.

Pagpapaalis kay Satanas

Sa pagpapatuloy ni Jesus sa Kanyang ministeryo sa lupa, maraming beses Niyang nakatagpo ang daigdig na di-nakikita. Minsan ay naghahanda Siyang pumunta sa Jerusalem at hindi pumayag si Pedro. Bumaling sa kanya si Jesus, at sinabihan si Pedro, "Lumayo ka sa Akin, satanas!" (Mat. 16:23).

Nakakatakot iyon para kay Pedro. Hindi ako naniniwalang tinawag ni Jesus na satanas si Pedro, kundi si satanas mismo ang Kanyang pinagsabihan. Naunawaan ni Jesus na kayang ilagay ni satanas ang mga salita sa bibig ng isang tao, gaya ni Pedro, at dinirekta ang ugat ng problema. Kung nailagay ni satanas ang kanyang isipan sa isipan ni apostol Pedro, sa palagay mo ba ay magagawa din niya iyon sa atin? Isang pangunahing dahilan ng maraming utos ng Kasulatan patungkol sa pagpipigil sa sinasabi mo ay ang posibilidad na ang ating mga salita na hindi iningatan ay maaaring maglaman ng kaisipan ng kaaway.

Pagpapagaling sa Babaing Lumpo

Meron pang isang pagtatagpo sa di nakikitang daigdig na nagbibigay ng malaking pananaw sa paniniwala ni Jesus patungkol sa papel ng kaaway sa pamumuhay ng mga tao. May kinalaman ito sa pagpapagaling sa isang babae na naging lumpo sa loob ng labingwalong taon. Hukot na hukot siya at hindi makatayo ng tuwid. Pinagaling siya ni Jesus sa araw ng Sabath, at dahil dito ay nagsalita ang mga kritiko Niya: *"Ang babaing ito namula sa lipi ni Abraham ay ginapos ni satanas sa loob ng labingwalong taon. Hindi ba dapat na siya'y kalagan kahit na Araw ng Pamamahinga?" (Lucas 13:16).*

Si Jesus ay naniwala at nagturo na ang kaaway ay maaaring magdulot ng ilang karamdaman. Hindi niya itinuro na lahat ng mga sakit ay galing kay satanas, kundi maaaring galing ito sa mundo ng espiritu.

Napansin ba ninyo sa pagbabasa ninyo ng ebanghelyo, kung ilang beses na nagpakita ang mga demonyo sa gitna ng pagtuturo ni Jesus? Binigyan tayo ni Jesus ng malaking halimbawa ng pagharap sa mga demonyo. Itinigil Niya ang kanyang pagtuturo para lang matanggal ang sagabal, saka Niya binalikan ang pagtuturo. Ang pokus Niya ay hindi ang kaharian ng kadiliman kundi ang kaharian ng Diyos. Si Jesus ay hindi nagkaroon ng ministeryo, sa diwa na Siya ay naghanap ng mga demonyong palalayasin sa mga tao. Naglibot siyang ipinangangaral ang kaharian ng langit. Kapag ang isang demonyo ay nanggugulo, kaagad niya itong hinaharap. Pagkatapos ay binabalikan niya ang pagpapahayag ng paglaganap ng kaharian ng Diyos.

Si Pablo at ang Labanan

Si Apostol Pablo ay nagpatuloy sa atityud ng Kanyang Guro patungkol sa di-nakikitang daigdig. Malinaw niyang nakita si satanas bilang isang totoong nilalang, na kumakalaban sa Diyos at sa mga sumusunod sa daan ng Diyos. Sa 2 Corinto 2:10-11, ipinahayag ni Pablo ang kahalagahan ng pagpapatawad: *"Sinumang pinatawad ninyo ay pinatawad ko na rin. Ang pinatawad ninyo ay pinatawad ko na rin. Ang pinatawad ko, kung mayroon man, ay pinatawad ko alang-alang sa inyo, sa harapan ni Cristo, upang hindi tayo mapaglalangan ni satanas. Hindi lingid sa atin ang ibig niyang mangyari"* Sa bandang huli ng 2 Corinto binanggit niya ang tungkol sa diyos ng panahong ito (isang maliwanag na pagbanggit kay satanas) na bumubulag sa isipan ng mga di-mananampalataya (4:4). Sa 1 Timoteo 4:1, pinaalalahanan tayo ni Pablo na sa huling araw ay merong tatalikod sa pananampalataya at susunod sa mga mapandayang espiritu na itinuturo ng mga demonyo.

Si Pablo ang gumamit ng salitang pandigma para sa espirituwal na labanang ito. Tinawag niya ang mga Cristiano bilang mga sundalo. Sinabi niya na hindi tayo nakikipaglaban gaya ng mundo, kundi ginagamit natin ang espirituwal na mga sandata. At sa Efeso 6:10-18, ibinigay niya sa atin ang paliwanag tungkol sa pakikipagbakang espirituwal na may tanging diin sa pagsusuot ng kalasag ng Diyos.

"Sa wakas, magpakatibay kayo sa pamamagitan ng inyong pakikipag-isa sa Panginoon at sa tulong ng dakilang kapangyarihan Niya. Isuot ninyo ang baluting kaloob ng Diyos, upang mapaglabanan ninyo ang mga lalang ng diyablo. Sapagkat ang kalaban nati'y hindi mga tao, kundi mga pinuno, mga maykapangyarihan, at mga tagapamahala ng kadilimang namamayani sa sanlibutang ito – ang mga hukbong espirituwal ng kasamaan sa himpapawid. Kayat isuot ninyo ang baluting mula sa Diyos. Sa gayon, makatatagal kayo sa pakikipaglaban pagdating ng masamang araw na iyon, at pagkatapos ng inyong

(sundan sa pahina 3)

Mensahe Mula sa Tagapaglathala

"Ang Pinananahanan ng Anak ng Diyos ay may Buhay na Walang Hanggan..." (1 Juan 5:12).

Dinalaw ko kamakailan ang isang lalaking nagsabi sa akin na hindi dapat hikayatin ng mga Cristiano ang mga taong may ibang relihiyon gaya ng Hinduismo, Budismo at Islam. Kasi, sabi niya, ang mga nasa ibang relihiyon ay sumusunod din sa Diyos at nagsisikap mamuhay nang mabuti gaya din ng mga Cristiano. Bakit ba ipinipilit ng mga Cristiano ang kanilang paniniwala sa iba?

Ang kanyang kaisipan ay hindi kakaiba. Dumarami ngayon ang naniniwala na walang mas magaling na relihiyon kaysa sa iba, kaya dapat nating tanggapin ang paniniwala ng iba. Maraming tao ang halos naniniwala na lahat ng daan ng relihiyon ay papunta sa parehong Diyos.

Nang napag-isip isip ko ang usapan namin ng lalaking iyon, ibinigay sa akin ng Panginoon ang isang katotohanan na siyang pundasyon at nalalaman ng mga tao. Ganito lang ang katotohanan: Ang Diyos ay may Anak, ang Panginoong Jesu-Cristo. At sa sentral na isyung ito, ang Cristianismo ay naiiba kaysa lahat ng relihiyon sa buong mundo. Samantalang ang mga Hindu, Buddhist, Muslim at ibang relihiyon ay iginagalang si Jesus bilang isang mabuting tao, isang mabuting guro, at isang mabuting propeta, pero kulang na kulang sa katotohanan kapag hindi nila kinikilala si Jesus bilang Anak ng Diyos at ang tanging daang patungo sa Ama sa langit.

Mga kapatid kay Cristo, sa biyaya ng Diyos ay pinagkatiwalaan tayo ng mamahaling kapahayagan patungkol sa Anak ng Diyos. Gaya ng nangyari kay Apostol Pedro, nakilala din natin na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng Buhay na Diyos, hindi sa kapahayagan ng laman at dugo kundi dahil sa kapahayagang mula sa ating Ama sa Langit (Mat. 16:17). Ngunit maraming tao ang hindi pa naririnig at hindi pa naniniwala sa sentral na katotohanan na si Jesu-Cristo ang Anak ng Diyos at ang tanging daan tungo sa kaligtasan. Kayat tayo ay merong napakalaking responsibilidad at pribilehiyo na ipagbunyi at ipahayag ang katotohanan patungkol sa Anak ng Diyos, ang ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo.

Inaanyayahan ko kayong isaalang-alang ang mahahalagang katotohanang ito patungkol kay Jesus, ang Anak ng Diyos.

Si Jesus ang Natatanging Anak ng Diyos

Bagaman totoo na ang Diyos ay maraming mga anak na inampon sa Kanyang pamilya, si Jesu-Cristo ang nag-iisa at bugtong Niyang Anak. Siya ay sumasa Diyos sa pasimula pa (Juan 1:1-2), at nang dumating ang takdang panahon, isinugo Siya ng Diyos sa sanlibutan, isinilang ng isang babae (Gal. 4:4). Isinugo Niya ang Kanyang anghel kay Maria, isang birhen, at sinabi sa kanya, *"Sumasaiyo ang Panginoon... Makinig ka! Ikaw ay maglilihi at manganganak ng isang lalaki, at Siya'y tatawagin mong Jesus. Magiging dakila Siya, at tatawaging Anak ng Kataas-taasan Ibibigay sa Kanya ng PanginoongDiyos ang trono ng Kanyang amang si David. Maghahari Siya sa angkan ni Jacob magpakailanman, at ang Kanyang paghahari ay walang hanggan."* *(Lucas 1:25,31-33).*

Inilarawan ni Apostol Juan kung paano si Jesus, ang Salita ng Diyos, ay *"naging tao...at Siya'y nanirahan sa piling natin." (Juan 1:14).* Ganito ang ibinigay na patotoo ni Juan Bautista patungkol kay Jesus, *"Nakita ko ito, at pinatototohanan kong siya ang anak ng Diyos" (Juan 1:34).* Si Natanael na namangha sa karunungan ni Jesus, ay nagsabi, *"Rabi, kayo po ang Anak ng Diyos! Kayo ang Hari ng Israel!" (Juan 1:49).* Natunghayan ng mga alagad ang Kanyang mahimalang kapangyarihan at ipinahayag, *"Tunay na kayo ang Anak ng Diyos!" (Mat. 14:33).* Ipinahayag ni Marta ang kanyang pagkakilala kay Jesus nang ganito, *"Nananalig ako sa inyo. Kayo po ang Anak ng Diyos, ang Mesias na inaasahang paparito sa sanlibutan."* (Juan 11:27). Naunawaan ni Pedro sa pamamagitan ng makalangit na kapahayagan na si Jesus ang Anak ng Diyos: *"Kayo po ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay." (Mat. 16:16).* Ito ang sabi ng sundalong Romano na nakatunghay kung paano namatay si Jesus: *"Tunay na ito'y Anak ng Diyos!" (Mat. 27:54).* Maging si satanas at mga demonyo ay nakilalang si Jesus ang Anak ng Diyos (Mat. 4:1-10; Marcos 5:6-7).

Ang Ama sa langit ay kinilala ang Kanyang natatanging relasyon at pagmamahal para sa Kanyang Anak. Halimbawa, noong binautismuhan si Jesus at noong Transpigurasyon, sinabi ng Ama: *"Ito ang minamahal Kong Anak na lubos Kong kinalulugdan!" Pakinggan ninyo Siya!" (Mat. 3:17; 17:5).* Sinabi rin ng Ama tungkol kay Jesus, *"Ikaw ang Aking anak! Ako ang Iyong Ama." (Heb. 1:5; Awit 1:6).* At ayon sa Hebreo 1:6, *"At nang susuguin na ng Diyos ang Kanyang bugtong na anak sa sanlibutan ay sinabi Niya, "Dapat Siyang sambahin ng lahat ng anghel ng Diyos."*

Kinilala din ni Jesus ang Kanyang bukod-tanging relasyon sa Kanyang Ama. Sa gulang na 12, namalagi Siya sa templo at saka ibinalita sa kanyang mga magulang, *"Hindi ba ninyo alam na Ako'y dapat na nasa bahay ng aking Ama?" (Lucas 2:49).* Pagkalipas ng mga taon, sa panahon ng Kanyang ministeryo, ipinaliwanag pa Niya ang Kanyang pagiging kaisa ng Kanyang Ama. *"Dapat ninyong malaman na walang ginagawa ang Anak sa kanyang sarili lamang; ang ginagawa lamang Niya'y ang nakikita niyang ginagawa ng Ama. Ang ginagawa ng Ama ay Siya ring ginagawa ng Anak." (Juan 5:19-20). "Ako at ang Ama ay iisa." (Juan 10:30) "...nasa Akin ang Ama at Ako'y nasa Kanya." Juan 10:38).* Sa Kanyang panalanging nakatala sa Juan 17, itinanong Niya, *"Kaya, Ama, ipagkaloob mo sa Akin ngayon ang karangalang taglay Ko sa piling Mo bago pa likhain ang sanlibutan." (t. 5).*

Dahil itinuro ni Jesus na meron Siyang bukod-tanging relasyon sa Kanyang Ama, gusto Siyang ipapatay ng mga lider na Judio. Alam nila na sa pagtawag Niyang Ama sa Kanya, *"ay ipinapantay ang sarili sa Diyos"* (Juan 5:18). Umabot ito sa kasukdulan nang Siya'y hatulan ng mataas na saserdote, *"sabihin mo sa amin, sa ngalan ng Diyos na buhay, kung ikaw ang Mesias, ang Anak ng Diyos."*. Dahil alam na alam ni Jesus ang mga konsekwensiya, Siya ay sumagot, *"Kayo na ang nagsabi." (Mat. 26:63-64).* Inakusahan Siya ng pamumusong ng Kanyang taga-usig, dinuraan Siya sa mukha, sinampal, at nilait. Iginiit nila sa harapan ni Pilato na si Jesus ay dapat patayin: *"Ayon sa aming kautusa'y nararapat Siyang mamatay, sapagkat Siya'y nagpapanggap na Anak ng Diyos." (Juan 19:7).* Siyempre tama ang mga lider na ito na inaangkin nga ni Jesus na Siya'y Anak ng Diyos. Mali lang sila dahil hindi nila kinilala na ang Kanyang inaangkin ay totoo.

Si Jesus ay tunay at tanging Anak ng Diyos at kapantay ng Diyos. Sinulat ni Apostol Pablo patungkol sa Anak: *"Si Cristo ang larawan ng Diyos na di-nakikita, at Siyang may kapangyarihan sa lahat ng nilikha. Sapagkat ang lahat ng nasa langit at nasa lupa, nakikita man o hindi, pati ang mga naghahari at namamahala, mga namumuno at may kapangyarihang espirituwal ay pawang nilikha ng Diyos sa pamamagitan Niya at para sa Kanya. Siya'y una sa lahat, at sa Kanya nakasalalay ang kaayusan ng lahat ng bagay. Siya ang ulo ng iglesya na Kanyang katawan. Siya ang Una, ang panganay na Anak – ang unang nabuhay namuli upang siya ang maging pinakadakila sa lahat ng bagay. Ipinasiya ng Diyos na ang kanyang kalikasan ay manatili rin sa Anak, at inibig niyang ang sandaigdigan ay makipagkasundo sa kanya sa pamamagitan ng Anak. Sa pamamagitan ng pagkamatay nito sa krus, nagkasundo nga ang Diyos at ang lahat ng nilikha sa langit at sa lupa." (Col. 1:15-20).* Sinulat din ni Pablo tungkol kay Jesus, *"Siya'y ipinanganak mula sa lipi ni David, at sa likas na kabanalan ng Kanyang Espiritu, ipinahayag Siyang Anak ng Diyos sa pamamagitan ng makapangyarihang gawa – ang Kanyang muling pagkabuhay, sa makatuwid bagay si Jesu Cristo na Panginoon natin." (Roma 1:3-4).*

Dagdag pa ng awtor ng Mga Taga Hebreo, *"...Ngunit sa ngayon, Siya'y nagsalita sa atin sa pamamagitan ng Kanyang Anak. Sa pamamagitan ng Anak ay nilikha ng Diyos ang sansinukob at Siya ang itinalaga Niyang magmay-ari ng lahat ng bagay. Ang Anak ang maningning na sinag ng Diyos, sapagkat kung ano ang Diyos ay gayon din ang Anak. Siya ang nag-iingat sa sansinukob sa pamamagitan ng Kanyang makapangyarihang Salita. Pagkatapos Niyang linisin tayo sa ating mga kasalanan, Siya'y lumuklok sa kanan ng Diyos, ang Makapangyarihan sa lahat." (Hebreo 1:2-3).*

"...ngunit tungkol sa Anak ay sinabi Niya, "Ang iyong trono, O Diyos, ay magpakailan pa man. Ikaw ay maghaharing may katarungan." (Heb. 1:8). Sinulat din ni Apostol Juan, *"Ito ang tunay na Diyos at buhay na walang hanggan." (1 Juan 5:20).*

Ang Anak ay may buhay sa Kanyang sarili (Juan 5:26) at Siyang nagbibigay ng buhay (Juan 5:21). Siya ay pinili ng Ama (Lucas 9:35) at itinakda Siya bilang Mataas na Saserdote (Heb. 5:5; 7:28). Bilang Anak, Siya ay matapat para sa tahanan ng Diyos (Heb. 3:6). Iniibig ng Ama ang Anak at iniatang ang lahat ng bagay sa Kanyang mga kamay (Juan 3:31-36). Binigyan Siya ng Ama ng kapangyarihan (Pahayag 2:26-27) at ipinagkatiwala sa Kanya ang lahat ng paghatol (Juan 5:22). Ang Anak ay dapat parangalan ng lahat (Juan 5:23).

Ipinakita ng Diyos ang Kanyang Dakilang Pag-ibig sa pamamagitan ng Pagsusugo ng Bugtong Niyang Anak

Sa pagtunghay natin sa pagiging bukod-tangi ni Jesus at sa Kanyang perpektong relasyon sa Ama, lalo tayong matutuwa sa kalakhan ng pag-ibig ng Ama para sa atin dahil handa Niyang ibigay ang Kanyang tanging Anak na si Jesus para mamatay para sa ating mga kasalanan. *"Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang Sumampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." (Juan 3:16). "Inihayag ng Diyos ang Kanyang pag-ibig sa atin nang suguin Niya ang Kanyang bugtong na Anak upang magkaroon tayo ng buhay sa pamamagitan Niya. Ito ang pag-ibig: hindi sa inibig natin ang Diyos kundi tayo ang inibig Niya at sinugo ang Kanyang Anak upang maging handog sa ikapagpapatawad ng ating mga kasalanan." (1 Juan 4:9-10). "Hindi Niya ipinagkait ang sarili Niyang Anak kundi ibinigay para sa ating lahat." (Roma 8:32).* Anong dakila ang pag-ibig ng Ama para sa atin na handa Niyang ibigay ang Kanyang bugtong na Anak bilang sakripisyo para sa ating mga kasalanan. Gaano kahirap marahil para sa Ama na makita ang Kanyang Anak na hindi naunawaan, minaltrato, hinagupit at nagdusa ng lahat ng sakit at kahihiyan ng pagkapako sa krus. At lalo nang napakahirap para sa Diyos na Siya ay *"ibinilang na makasalanan upang makipag-isa tayo sa Kanya at mapabanal sa harapan ng Diyos sa pamamagitan Niya." (2 Cor. 5:21)* at marinig ang Kanyang Anak na humiyaw bago Siya mamatay, *"Diyos ko, Diyos ko, bakit Mo Ako pinabayaan?" Mat 27:46).* Kung ikaw ay isang magulang, marahil ay mas mapahahalagahan mo ang dakilang kaloob ng Diyos sa atin nang ibigay Niya ang Kanyang Anak upang tayo ay magkaroon ng kapatawaran.

Ang Anak ng Diyos ang Siyang Tanging Daan Patungo sa Ama

Ang dakilang sakripisyong gaya nito ay nagpapahayag na wala nang iba

(sundan sa pahina 3)

pakikipaglaban ay matatag pa rin kayong nakatayo.

Kayat maging handa kayo: gawin ninyong bigkis ang katotohanan, itakip sa dibdib ang baluti ng pagkamatuwid, at isuot ang panyapak ng pagiging handa sa pangangaral ng Mabuting Balita ng pakikipagkasundo sa Diyos. Taglayin ninyong lagi ang kalasag ng pananalig kay Cristo, bilang panangga't pamatay sa lahat ng nagliliyab na palaso ng masama. Isuot ninyo ang helmet ng kaligtasan, at kunin ninyo ang tabak na kaloob ng Espiritu, samakatwid, ang Salita ng Diyos. Ang lahat ng ito'y gawin ninyo sa pamamagitan ng mga panalangin at pagsamo. Manalangin kayo sa lahat ng pagkakataon, sa patnubay ng Espiritu. Kayat lagi kayong maging handa, at patuloy na manalangin para sa lahat ng hinirang ng Diyos."

Pagiging Seryoso ng Labanan

Hindi nakalimutang idagdag ni Apostol Pablo ang mga turo patungkol sa labanan sa 1 Pedro 5:8 *Humanda kayo at magbantay. Ang diyablo ng kaaway ninyo ay parang leong umaatungal at aali-aligid na humahanap ng masisila."* Sa ikalawa niyang sulat, isinulat niya ang tungkol sa mga anghel na nagkasala na itinapon ng Diyos sa impiyerno hanggang sa araw ng paghatol (2 Pedro 2:4). Sa maikling sulat ni Judas ay binanggit niya ang mga nagkasalang anghel at ibinigay sa atin ang kahangahangang kuwento kung paanong si Arkanghel Miguel ay nakipagtalo sa diyablo tungkol sa bangkay ni Moises (Judas 9).

Maliwanag na siniryoso ng mga awtor ng Bagong Tipan ang espirituwal na labanan. Kawawa tayo kapag binalewala natin ito. Merong mga nagmamalabis sa pagsasagawa ng doktrina. Merong mga tagapagturong nagsasabi na nakikita nila ang demonyo sa mga halaman. Ewan ko lang kung gusto ng mga demonyo sa mga halaman, pero tama ang punto nila. Kung hindi tayo magiging maingat, mapopokus tayo sa diyablo sa halip na kay Jesus. Meron din namang mga iglesiang nasa kabilang dulo, na binabalewala o hindi naniniwala sa diyablo.

Pagkakaroon ng Biblikal na Balanse

Binibigyan tayo ni C.S. Lewis ng magandang pananaw sa mga pagkakamaling ito sa "The Screwtape Letters." "Merong dalawang magkapantay at magkabaligtad na pagkakamali patungkol sa diablo. Ang isa ay ang hindi maniwala sa pagkakaroon ng mga ito. Ang kabila ay ang maniwala at magkaroon ng sobra at pangit na interes sa kanila. Ang layunin ko ay maibalik ang panggitnang biblikal na balanse patungkol sa kaisipan at praktis ng Iglesia.

Ang talagang isyu dito ay: Ano ba talaga ang sinasabi ng Biblia? Hindi ito personal na karanasan o palagay. Ang karanasan at palagay ay maaaring mabaluktot. Hindi rin ito tungkol sa personal na pagkagusto o pag-ayaw. Paminsan minsan ay nakakatagpo ako ng mga tao na magsasabi ng ganito: "Aba, tama lang na magturo ka tungkol sa espirituwal na labanan, pero hindi para sa akin iyan." Hindi mahalaga kung ikaw ay nasa espirituwal na labanan o hindi. Ang talagang isyu ay "Nasaan ka sa labanan? Nananalo ka ba o natatalo?" Hindi ito ang ating pinagbobotohan. Hindi ito isang laro na maaari kang manalo at umuwi na. Ang salita ng Diyos ay maliwanag:

"Sapagkat ang kalaban nati'y hindi mga tao, kundi mga pinuno, mga maykapangyarihan, at mga tagapamahala ng kadilimang namamayani sa sanlibutang ito – ang mga hukbong espirituwal ng kasamaan sa himpapawid" (Efeso 6:12)

Ang espirituwal na labanan ay isang riyalidad na kailangang harapin. Hindi ito basta lalayas. Panahon na para ihanda ang ating mga sarili upang makipaglaban, hindi gaya ng mundo, kundi sa pamamagitan ng mga tabak na bigay ng Espiritu ng Diyos (2 Cor. 10:3-4).

Hango sa *The Devil Goes to Church,* ni David L. Butts. Karapatang-ari c 2003 ni David L. Butts. Ginamit na may pahintulot.

Ang Riyalidad ng Espirituwal na Labanan

(mula sa pahina 1)

"Ang Pinananahanan ng Anak ng Diyos ay may Buhay na Walang Hanggan..." (1 Juan 5:12).

(mula sa pahina 2)

pang paraan para mapatawad ang ating mga kasalanan. Kung meron sanang ibang paraan, tiyak na pinili iyon ng Diyos. Ang Diyos ay ganap na banal at ang ating kasalanan ang nagpahiwalay sa atin sa Kanya (Isa. 59:2). Para mabalik ang ating pakikisama sa Diyos, dapat malutas ang problema natin sa kasalanan, at kung walang pagtitigis ng dugo, ay walang kapatawaran (Heb. 9:22). Sa ilalim ng lumang tipan, ang dugo ng mga hayop ay inihandog bilang hain para sa kasalanan ng tao, pero imposibleng mahugasan nito ang kasalanan ng tao (Heb. 10:4). Tanging ang dugo lamang ni Jesus, ang Kordero ng Diyos, ang may walang hanggang bisa at kasapatan sa paningin ng Diyos upang linisin ang ating kasalanan. Tanging dugo lamang ni Jesus, ang Kanyang Anak, ang makalilinis sa lahat ng ating kasalanan (1 Juan 1:7). *"Ginawa ng Diyos ang hindi nagawa ng Kautusan dahil sa likas na kahinaan ng tao. Sinugo Niya ang Kanyang sariling Anak sa anyo ng taong makasalanan upang maging handog para sa kasalanan, at sa anyong iyo'y hinatulan niya ang kasalanan." (Roma 8:3). "Dati, tayo'y mga kaaway ng Diyos, ngunit ngayon, tinatanggap na Niya tayong mga kaibigan alang-alang sa pagkamatay ng Kanyang Anak." Roma 5:10).* Tanging sa minamahal Niyang Anak tayo merong kaligtasan, ang kapatawaran ng kasalanan. (Col. 1:13-14).

Ito ang dahilan kung bakit may tapang na ipinahayag ni Jesus, *"Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan Ko."(Juan 14:6).* Gaya ng ipinahayag ni Apostol Pedro, *"Kay Jesu-Cristo lamang matatagpuan ang kaligtasan, sapagkat sa silong ng langit, ang Kanyang pangalan lamang ang ibinigay ng Diyos sa ikaliligtas ng tao." (Gawa 4:12).* Si Jesus ang haing pantubos para sa ating mga kasalanan (1 Juan 4:10) at ang tanging paraan ng pakikipagkasundo sa Diyos. Ang mga taong naniniwala sa Hinduismo, Buddhismo, Islam at ibang maling relihiyon ay maaaring maging sinsero at nagpapakita ng katapatan, ngunit sila ay napapahamak sa kanilang kasalanan hanggang sila'y lumapit kay Jesus para sa kapatawaran ng kasalanan at kaligtasan. Tanging ang Kanyang dugo ang sapat upang linisin sa kasalanan ang sangkatauhan. Siya lamang ang *"walang hanggang Tagapagligtas ng lahat ng sumusunod sa Kanya."* (Heb. 5:9).

Nagbigay ang Diyos ng mga tiyak at maliwanag na patotoo patungkol sa pagiging bukod tangi ng Kanyang Anak. *"At ito ang patotoo: ipinagkaloob sa atin ng Diyos ang buhay na walang hanggan at ito'y makakamtan natin sa pamamagitan ng Kanyang Anak. Ang pinananahanan ng Anak ng Diyos ay may buhay na walang hanggang, ngunit wala nito ang hindi pinananahanan ng Anak ng Diyos." (1 Juan 5:11-12).* Ang hindi nananampalataya sa patotoo ng Dios tungkol sa Kanyang Anak ay ginagawang sinungaling ang Diyos (1 Juan 5:10). Ang utos Niya ay manampalataya tayo sa pangalan ng Kanyang Anak na si Jesu-Cristo (1 Juan 3:23), makinig sa Kanya (Mat 17:5) at makipagniig sa Kanya (1 Cor. 1:9; 1 Juan 1:3).

Malaki ang Konsekwensya sa Pagtanggi sa Anak ng Diyos

Marami ang tumatanggi na ang Anak ng Diyos, ang Panginoong Jesu-Cristo, ang tanging daan ng kaligtasan. Hindi natin ito dapat ikagulat dahil binalaan na tayo ng espiritu ng anti-Cristo: *"Sino ang sinungaling? Hindi ba ang tumatangging si Jesus ang Cristo? Ito nga ang anti-Cristo: ang ayaw kumilala sa Ama at sa Anak. Ang di kumikilala sa Anak ay di rin kumikilala sa Ama. Kapag tinanggap ninuman ang Anak, pati ang Ama'y sumasakanya." (1 Juan 2:22-23).*

Ang pagtanggi sa Anak ng Diyos ay may eternal na konsekwensya. *"Ang hindi nagpaparangal sa Anak ay hindi nagpaparangal sa Amang nagsugo sa Anak." (Juan 5:23). "Ang hindi kumikilala sa Anak ay di rin kumikilala sa Ama. Kapag tinanggap ninuman ang anak, pati ang Ama'y sasakanya."* (1 Juan 2:23). *"Ang nananalig sa Anak ay may buhay na walang hanggan; ngunit ang hindi tumatalima sa Anak; hindi magkakaroon ng buhay – mananatili sa kanya ang poot ng Diyos." (Juan 3:36). " Hindi hinahatulang maparusahan ang nananampalataya sa bugtong na Anak ng Diyos; ngunit hinatulan nang parusahan ang hindi nananampalataya sa Kanya." (Juan 3:18).* Ang yurakan ang Anak ng Diyos, at hamakin ang Kanyang dugo ay nagdadala ng matinding paghatol (Heb. 10:29-31).

Ang Mensahe ng Ebanghelyo ay nakasentro sa Anak ng Diyos

Bagaman ang pagtanggi sa Anak ng Diyos ay nagdadala ng matinding parusa, sa Ebanghelyo o Mabuting Balita ay ninanais ng Diyos na ang bawat isa ay maligtas sa pamamagitan ng Kanyang Anak na si Jesus. *"Nakita namin at pinatototohanang sinugo ng Ama ang Kanyang Anak bilang Tagapagligtas ng sanlibutan. Ang nagpapahayag na si Jesus ang anak ng Diyos ay nananatili sa Diyos at ang Diyos nama'y nananatili sa kanya." (1 Juan 4:14-15).* Si Jesus mismo ang nagpahayag, *"Sapagkat ito ang kalooban ng Aking Ama: ang lahat ng makakita at manalig sa Anak ay magkaroon ng buhay na walang hanggan. At sila'y muli kong bubuhayin sa huling araw." (Juan 6:40).* Muli, sa katulad na pamilyar na mga salita ng Juan 3:16, ibinahagi ni Jesus, "Sapagkat gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanglibutan, na ibinigay Niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." "Sapagkat hindi sinugo ng Diyos ang Anak sa sanglibutan upang hatulan ang sanlibutan, kundi upang ang sanglibutan ay maligtas sa pamamagitan niya. Ang sumasampalataya sa kaniya ay hindi hinahatulan..." " *(Juan 3:17-18).*

Ang Mabuting Balita ay tungkol *"kay Jesu-Cristo na Anak ng Diyos." (Marcos 1:1)* at ang puso ng ebanghelyo ay ang kamatayan Niya para sa ating mga kasalanan. Siya ay inilibing, at ibinangon mula sa mga patay (1 Cor. 15:3-5). Siya lang ang maaaring makapagpanumbalik ng ating pakikisama sa Diyos. Mapalalaya Niya tayo mula sa pagkakasala (1 Juan 1:7; Heb. 9:14) at mula sa pagkaalipin sa kasalanan. At *"kapag kayo'y pinalaya ng anak, tunay nga kayong malaya." (Juan 8:36).* Pumarito Siya upang wasakin ang gawa ng diyablo (1 Juan 3:8), at Siya na nagtatagumpay sa sanlibutan ay siyang kumikilala na si Jesus ang Anak ng Diyos (1 Juan 5:5).

Kayat bilang mga mananampalataya tayo ay *"tinalikdan na ang pagsamba sa mga diyus-diyusan upang maglingkod sa tunay at buhay na Diyos, at maghintay sa Kanyang anak na si Jesus. Siya ang muling binuhay na magbabalik mula sa langit at magliligtas sa atin sa darating na poot ng Diyos. (1 Tesa. 1;9-10).* Ang buhay na ating ibinubuhay sa pananampalataya sa Anak ng Diyos, na umibig sa atin at ibinigay ang Kanyang buhay para sa atin (Gal. 2:20). At habang naghihintay tayo, inaasam ang Kanyang pagbabalik, ginagawa natin ang lahat nating magagawa, at sinasabi ang lahat nating makakaya upang tulungan ang ibang makilala ang pag-ibig at kaligtasan na nakilala natin sa pamamagitan ng Anak ng Diyos, ang ating Panginoong Jesu-Cristo.

Pagharap sa Rebeldeng Prinsipe

ni Neil Anderson

Isang karanasang nagbukas ng mata ng mga alagad ay ang pagkatuklas na *"kahit mga demonyo ay sumusunod kapag inutusan namin, sa Ngalan ninyo." (Lucas 10:7).* Ang salitang Ingles na "*subject*" o sumusunod *(hupotasso)* ay isang katagang pangmilitar, na ang ibig sabihin ay "pasunurin". Inilalarawan nito ang grupo ng mga sundalo na nakaatensyon at sinusunod ang mga utos ng kanilang *commanding officer.*

Marahil ay dumanas din ng maling pananaw ang mga alagad gaya ng mga Cristiano ngayon. Nakikita natin ang Diyos at ang Kanyang kaharian sa isang panig at si satanas at ang kanyang kaharian sa kabila. Parehong makapangyarihan ang dalawang kaharian, at naiipit tayo sa pagitan ng dalawa. May mga araw na mukhang nagwawagi ang Diyos, may mga araw na mukhang nananalo ang diyablo. At parang hindi natin masabi kung sino ang nananalo sa labanan.

Pero nagsibalik ang mga alagad mula sa kanilang misyon na may bagong pananaw, isang totoong pananaw. Ang kapangyarihang espirituwal ay hindi parang hilahan ng lubid; sa halip ito ay isang papaitaas na hanay ng kapangyarihan. Si Jesus ang may taglay ng lahat ng kapangyarihan sa langit (Mat. 28:18). Siya ang nasa itaas. Ibinigay Niya ang Kanyang autoridad at kapangyarihan sa Kanyang mga alipin upang maipatupad sa Kanyang pangalan (Lucas 10:170; tayo ang nasa Kanyang ilalim. At si satanas at kanyang mga demonyo? Sila ay nasa ilalim, nasa ilalim ng awtoridad na iginawad sa atin ni Cristo. Wala silang karapatang pagharian ang buhay mo.

Bakit, kung gayon, ang kaharian ng kadiliman ay nagbibigay ng napakanegatibong impluwensiya sa mundo at sa buhay ng mga Cristiano? Si satanas ay hindi kapantay ng kapangyarihan ng Diyos; siya ay talunang kaaway. Pero kung mapapaniwala ka niya na siya ay mas higit sa kapangyarihan at awtoridad kaysa sa iyo, mabubuhay kang kagaya niya! Ikaw ay binigyan ng kapangyarihan laban sa kaharian ng kadiliman, pero kung hindi mo ito paniniwalaan at isasakatuparan, halos mawawala ito sa iyo... Kapag tinatangka ni satanas na magtanim ng takot, dapat nating panindigan ang ating posisyon kay Cristo at ipakita ang bunga ng Espiritu. (Gal. 5:23).

Ang Kapangyarihan ni Jesus sa Makabagong Daigdig

"Tama iyan at mabuti para sa labindalawa at pitumpung alagad na binigyan ng awtoridad at saka isinugo ni Jesus," iyan marahil ang iniisip mo. "Pero iba na ang ating dispensasyon. May paggagawad ng awtoridad sa aklat ng Ebanghelyo, pero narooon din ba ito sa Sulat ng mga Apostol? Maaangkin din ba natin ang awtoridad ni Cristo sa larangang espirituwal gaya ng mga tao na personal Niyang sinugo?

Siyempre! Katunayan, dahil sa kamatayan, pagkabuhay, at pag-akyat sa langit ni Cristo, at ang sumunod na pagbubuhos ng Banal na Espiritu, mas nakahihigit tayo sa mga unang alagad. Sila ay kasama ni Cristo (Marcos 3:14-15) pero tayo ay nakay Cristo. Ito ang malaking balita ni Pablo sa panimula ng kanyang sulat sa iglesia sa Efeso. Pansinin kung ilang beses niyang binanggit ang ating posisyon kay Cristo.

"Magpasalamat tayo sa Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo! Pinagkalooban Niya tayo ng lahat ng pagpapalang espirituwal dahil sa ating pakikipag-isa kay Cristo." (tt. 3-4)... "Purihin natin siya dahil sa kanyang kahangahangang pagkalinga sa atin sa pamamagitan ng kanyang minamahal na Anak!" (tt. 6-7). "Upang lubos nating maunawaan ang kanyang lihim na panukala na isasakatuparan sa pamamagitan ni Cristo pagdating ng takdang panahon. Ang panukalang ito ay pag-isahin kay Cristo ang lahat ng nasa langit at nasa lupa." (tt. 9-10). "At dahil kay Cristo, kami'y naging bayan ng Diyos, na nagsagawa ng lahat ng bagay ayon sa kanyang panukala at kalooban. Nangyari ito nang kami'y hirangin niya noon pang una – kaming mga unang umasa kay Cristo – sa lalong ikadadakila niya. Kayo ma'y naging bayan ng Diyos nang kayo'y manalig sa kanya matapos ninyong marinig ang salita ng katotohanan – ang Mabuting Balita na nagdudulot ng kaligtasan. Kayat ipinagkaloob sa inyo ang Espiritu Santong ipinangako ng Diyos bilang tatak ng pagkahirang sa inyo." (tt. 10-13).

Gustong tiyakin ni Pablo na hindi niya makakaligtaan ang kanyang puntong ito. Sampung beses sa unang labintatlong talata ipinaalala niya sa atin na lahat ng bagay na nasa atin ay bunga ng ating matamis at personal na relasyon kay Cristo na muling nabuhay, at ng Kanyang Espiritu na tumatahan sa atin. Matapos patunayan ang ating posisyon kay Cristo, ipinahayag ni Pablo ang nasain ng kanyang puso para sa mga mananampalatayang puspos ng Espiritu sa ganitong panalangin:

"Nawa'y liwanagan ng Diyos ang inyong mga isip upang malaman ninyo ang ating inaasahan sa Kanyang pagkatawag sa atin. Ito'y ang kaluwalhatiang inilaan Niya sa kanyang mga hinirang, at ang walang hanggang kapangyarihan Niya sa atin na mga nananalig sa Kanya. Ang kapangyarihan ding iyon, ang muling bumuhay kay Cristo at nagluklok sa Kanya sa kalangitan, sa kanan ng Diyos." (Efeso 1:18-20).

Bakit idinalangin ni Pablo na ang ating mga espirituwal na mata ay mabuksan? Dahil hindi ayon kay Cristo ang ating pananaw bilang mga Cristiano. Hindi bukas sa atin ang katotohanan. At kapag hindi natin naiintindihan kung sino tayo, hindi natin mararanasan ang kalayaan at pagiging mabunga na kalakip ng ating pagkatao. Ang ating problema tungkol sa espirituwal na daigdig ay hindi dahil hiwalay tayo sa kapangyarihan ni Cristo, kundi dahil hindi natin ito nakikita. At habang bigo tayong makita ang ating awtoridad kay Cristo laban sa kaharian ng kadiliman, hindi natin maipatutupad ang awtoridad sa ating buhay, at mabubuhay tayo sa pagkaalipin.

Ang Lalim at Lawak ng Awtoridad

Sa Efeso 1:19-23 ibinibigay sa atin ni Pablo ang malakas na pinagmumulan ng ating awtoridad kay Cristo. Ipinapaliwanag niya na ito ay mula sa kapangyarihang nagbangon kay Jesu-Cristo mula sa mga patay at nagluklok sa Kanya sa kanan ng Ama. Ang pinagmumulan ng kapangyarihan ay napakalakas kung kayat ginamit ni Pablo ang apat na salitang Griego sa talatang 19 upang ito ay ilarawan: "(dunameos), (energeian), kratous), at ischuos). Sa likod ng pagbangon ni Jesu-Cristo mula sa mga patay ay naroon ang pinakamalakas na kapangyarihang natala sa Salita ng Diyos. Ang kapangyarihang nagbangon kay Cristo mula sa mga patay at tumalo kay satanas ay ang kapangyarihang laan sa atin upang talunin ang mga gawa ni satanas sa ating pang-araw araw na buhay.

Nais din ni Pablong mabuksan ang ating mga mata sa napakalawak na sakop ng awtoridad ni Cristo, *"kayat nasa ilalim ng kapangyarihan ni Cristo ang lahat ng paghahari, kapamahalaan, kapangyarihan, at pamunuan. Higit ang Kanyang pangalan kaysa lahat ng pangalan, hindi lamang sa panahong ito kundi pati sa darating." (Efeso 1:21).* Isipin na lang ang pinakamakapangyarihan at pinakamaimpluwensyang pulitikal at militar na lider sa daigdig, mabuti man at masama. Isipin ang pinakatatakutang terorista, pinunong kriminal, at mga drug lord. Isipin ang mga pinakamasamang tao sa nakalipas at kasalukuyan. Isipin si satanas at lahat ng kapangyarihan ng kadiliman na nasa ilalim niya. Ang awtoridad ni Jesus ay hindi lamang nasa itaas ng lahat ng mga pantao at pang espirituwal na awtoridad sa nakalipas, sa kasalukuyan at sa hinaharap, kundi Siya ay mas higit pang mataas sa kanila. Walang katulad – wala sa kalingkingan! At ang Kanyang awtoridad ay nakalaan sa atin upang tayo ay mabuhay na malaya at matagumpay laban sa lahat ng panghihimasok at impluwensya ng mga demonyo.

Ang talataang ito ay hindi nagtuturo na meron tayong awtoridad sa lahat ng mga karamdaman gaya ng ginawa ng apostol. Maaari nating gamitin ang ating awtoridad sa mga karamdamang sanhi ng mga demonyo, pero ang isiping magagamit natin ang ating kapangyarihan laban sa bawat mikrobyo, virus ay hindi na kinakailangan. Ang ating awtoridad ay parang limitado sa larangang espirituwal.

Iginawad na Awtoridad

Isa pang nakapagbubukas ng mata na sinulat ni Pablo sa Efeso 1 at 2 ay tumutukoy sa awtoridad ni Cristo na iginawad sa *"atin na sumasampalataya" (1:19).* Kailan at paano ito nangyari? Naipaliwanag na ni Pablo na ang pinakamataas na gawa ng kapangyarihan at awtoridad ng Diyos ay naganap nang binuhay Niya si Cristo mula sa mga patay at iniluklok Siya sa kalangitan, higit na mataas kaysa lahat ng awtoridad (1:19-21). Matapos pansinin ang makasalanang kalagayan natin bago tayo naligtas (2:1-3), ipinagpatuloy ni Pablo ang pansentrong paksa ng awtoridad ni Cristo kaugnay nito sa atin: *"Subalit napakasagana ang habag ng Diyos at napakadakila ang pag-ibig na iniukol Niya sa atin. Tayo'y binuhay Niya kay Cristo kahit noong tayo'y mga patay pa dahil sa ating pagsuway. (Naligtas nga kayo dahil sa Kanyang kagandahang-loob). Dahil sa ating pakikipag-isa kay Cristo Jesus, tayo'y muling binuhay na kasama niya at pinaupong kasama niya sa kalangitan." (2:4-6).*

Gustong ipakita ni Pablo sa atin na nang si Cristo ay binuhay mula sa mga patay (1:20), tayong mga nagsisampalataya sa Kanya ay binuhay din mula sa ating pagiging patay sa espirituwal at binuhay tayo *" kasama ni Cristo" (2:5-6).* Ang pagkabuhay ni Cristo mula sa libingan at ang ating pagkabuhay mula sa espirituwal na kamatayan ay magkasabay na nangyari. Tama lang isipin na ang ulo (Cristo) at ang katawan (Kanyang Iglesia) ay dapat ibangong magkasama.

Higit pa riyan, nang iniluklok ng Diyos si Cristo sa Kanyang kanan at iginawad sa Kanya ang lahat ng awtoridad (Efeso 1:20-21), iniluklok din Niya tayo sa Kanyang kanan at iginawad sa atin sa pamamagitan ni Cristo ang lahat ng kapangyarihan (2:6) sapagkat tayo ay *"kasama niCristo" (2:5).* Lahat ng ito ay nangyari sa isang sandali, noong makasaysayang pagbangon mula sa mga patay at pag-akyat ni Jesus (29 A.D.), nang *"tayo'y mga patay pa dahil sa ating pagsuway." (2:5).* Sa sandaling tanggapin mo si Cristo, mapapasaiyo ang ginawa ng Diyos sa iyo 2,000 taon na ang nakalilipas. Ang iyong pagkakakilanlan bilang isang anak ng Diyos at ang iyong awtoridad laban sa mga espirituwal na kapangyarihan ay hindi mga bagay na tinatanggap mo o tatanggapin pa lamang sa *hinaharap;* nasasaiyo na ito ngayon. Isa kang buhay sa espiritung anak ng Diyos ngayon. Nakaupo ka sa kalangitan kasama ni Cristo ngayon. Meron ka ng lahat ng kapangyarihan at awtoridad laban sa kaharian ng kadiliman ngayon.

Ibinahagi din ito ni Pablo sa kanyang sulat sa mga taga Colosas. *"At dahil sa inyong pakikipag-isa sa Kanya, naging ganap ang inyong buhay. Sakop Niya ang lahat ng kapangyarihan at kapamahalaan." (Col. 2:10).* Pansinin muli na ang kilos ay sa nagdaan: Tayo ay naging ganap. Kailan? Sa kamatayan, pagkabuhay na muli, at pagpanhik sa langit ni Jesu-Cristo. At dahil si Cristo ang hinirang ng Tatluhang Personang Diyos sa lahat ng kapangyarihan at awtoridad, at dahil tayo ay nakaupong kasama Niya sa kalangitan, may pribilehiyo tayong ipatupad ang Kanyang kapamahalaan at awtoridad.

Meron pang binanggit si Pablo sa Colosas 2 na naganap sa kamatayan, pagkabuhay na muli at pag-akyat sa langit niCristo: *"Nilupig Niya ang mga pinuno at kapangyarihan ng sanlibutan. Ang mga ito'y parang mga bihag na kanyang ipinarada sa madla bilang katunayan ng Kanyang pagtatagumpay." (t. 15).* Hindi ka lang binuhay kay Cristo 2,000 taon na ang nakakalipas, kundi si satanas ay inalisan ng armas at tinalo 2,000 taon na ang nakakaraan. Ang kanyang pagkatalo ay hindi hinihintay pa; o sa hinaharap; kundi nangyari na.

Kung si satanas ay wala nang armas, bakit hindi tayo laging nagtatagumpay sa ating buhay? Ito ay isang kasinungalingan. Si satanas ay gumagala gaya ng isang gutom na leon, nagpapamukha at nagtatapang-tapangan. Sa totoo ang mga pangil niya ay tinanggal na at wala na siyang

(sundan sa pahina 5)

Ang Pinagmumulan ng Tagumpay

ni Theodore H. Epp

Bagaman si satanas ay isang malakas na kaaway, siya ay madadaig ng mga Cristiano sa pamamagitan ng tulong ng Diyos. Makakaya siyang labanan ng isang mananampalataya. Sinasabi ng Biblia: *"Labanan ninyo ang diyablo at lalayuan niya kayo." (Santiago 4:7).* Ang salitang *"labanan"* ay nangangahulugang "daigin, labanan ang lakas ng kalaban."

Ang salitang "daigin" ay nagpapahiwatig din na hindi tayo dapat umatras sa kaaway na ito. Kinakailangan sa labanang ito ang tapang at ito ay ibibigay ng Diyos sa anak Niya. Si satanas at ang puwersa ay dapat lumayas kapag ang Cristiano ay naninindigan sa lakas ng Panginoon. Ang ating pagtindig ang layunin ng labanang ito (Efeso 6:13).

Ang aklat ng Efeso ay nagbibigay ng sapat na katibayan na ang Diyos ay magbibigay sa Kanyang anak ng kinakailangang lakas para sa labanan. Sa tsapter 1, talatang 19 ay mababasa natin, *"at ang walang hanggang kapangyarihan Niya sa atin na mga nananalig sa Kanya."* Sa tsapter 6 ang kalasag para sa labanan ay nakatuon kay Cristo. Sa talatang 18 ng tsapter 6 ay ibinigay ang ambag ng Espiritu Santo sa ating paglaban. Sa pamamagitan ng panalangin sa gabay ng Espiritu Santo, nagagawa nating maisuot ang baluti, na si Cristo, at pinalalakas tayo ng Ama.

Bawat miyembro ng Trinidad ay merong bahagi sa tagumpay ng mananampalataya laban sa masama. Dapat nating laging tandaan na ang tulong natin ay mula sa Diyos, hindi sa ating sarili. Magpasakop tayo sa kamay ng Diyos, at itataas Niya tayo (1 Pedro 5:6). Dahil sa walang hanggang kapangyarihan sa ating panig, si satanas ay hindi makapananaig sa atin.

Dagdag pa rito, meron lang iisang diyablo, ngunit laksa laksang nagkasalang mga anghel at mga masasamang espiritu ay kumikilos sa ilalim ni satanas bagamat hindi natin sila nakikita. Ang pakikipaglaban natin ay sa mga ito pero ginagamit natin ang salitang diyablo at satanas sa araling ito bilang pangkalahatang kataga.

Ang Daluyan ng Tagumpay

Ipinapadaloy ng Panginoong Jesu-Cristo sa kasalukuyang panahon ang Kanyang tagumpay sa pamamagitan ng bahagi ng Kanyang katawan. Si Jesus ang Ulo ng Iglesia, at tayo, bilang mga bahagi ng Kanyang Katawan, ang nagpapatupad ng Kanyang kalooban. Siya ang Kaisipan ng Katawan, at ang Tagaplano. Siya ang gumagawa ng istratehiya at ipinapatupad sa pamamagitan natin. Kapag may kailangang gawin, ang ating katawan ang dapat gumawa niyon.

Totoo din iyan sa Katawan ni Jesu-Cristo. Kapag may gusto Siyang gawin, ginagawa Niya iyon sa pamamagitan natin. Ang ating relasyon sa Kanya ay kasinlapit ng ating daliri sa ating katawan. Kung gusto kong magsulat, hindi magagawa ng aking isip ang pagsusulat. Nagdidikta ang isip, ang kamay ko ang dapat kumuha ng panulat at magsulat sa papel.

Ito ang dahilan kung bakit sinabihan tayo sa Efeso 6 na maging malakas sa Panginoon at sa lakas ng Kanyang kapangyarihan. Wala nang ibang kapangyarihan para madaig natin ang kaaway. At kung paanong ang ating kalamnan ay lalong lumalakas habang ito ay ginagamit, gayundin ang ating espiritual na kalamnan ay lalakas kapag laging nakikipaglaban kay satanas. Si Cristo ay gumagawa sa daigdig na ito sa pamamagitan natin.

May isang kapatid na nananalanging sansalain ng Diyos si satanas. Sinabat ko ang panalangin niya at sabi ko, "Kapatid, hindi iyan ang sinabi sa iyo ng Diyos na ipanalangin. Kung gusto mong lumaya, sabihan mo ang diyablo sa Pangalan ni Cristo na sinasansala mo siya. Manindigan ka." Nanindigan ang lalaki at lumaya. Nag-iba ang espirituwal na tensyon. Umangat ang kabigatan.

Ang plano ng Diyos ay gamitin tayo bilang mga daluyan ng Kanyang kapangyarihan upang salagin at igupo ang kaaway ng ating kaluluwa. Ang lakas na iyon ay hindi nakasalig sa atin kundi kay Cristo, ngunit natatamo Niya ang tagumpay na ito sa pamamagitan natin.

Dapat tayong mag-ingat sa pagbibigay ng sobrang diin sa paksang ito gaya ng ginawa ng ilan sa nakalipas. Katunayan, iyan marahil ang isa sa mga dahilan kung bakit maraming Cristiano sa ngayon ay hindi matanggap ang paksang ito ng seryoso. Umaatras sila dito dahil sa malabis na posisyong pinanghawakan sa nakalipas. Nananatili ang katotohanan, na ang utos upang labanan ang diyablo ay galing sa parehong Panginoon na nagsabi sa atin na mapuspos ng Espiritu Santo. Di magtatagal, bawat Cristiano na nagnanais sundin ang utos ng Diyos at mapuspos ng Espiritu ay kakailanganing labanan ang diyablo. Maraming beses nating makakaenkwentro ang puwersa ni satanas na kumokontrol sa espiritual na kadiliman ng mundo (Efeo. 6:12; 2 Cor,11:14).

Hindi iniwan ng Diyos sa kakaunti ang pakikipaglaban sa diyablo. Ang hamon ay para sa bawat mananampalataya. Lahat tayo na isinilang sa pamilya ng Diyos ay kinakailangang mabuhay na palagiang hinahamon ang mga puwersa ni satanas.

Mga Teknik para sa Tagumpay

Isang susing talata na tumatalakay sa mga teknik para sa tagumpay ay nasa Santiago 4:7: *"Pasakop kayo sa Diyos. Labanan ninyo ang diyablo at lalayuan niya kayo."* Ang teknik ay matutunan nating labanan si satanas habang nagpapasakop tayo sa Diyos. Ang hindi nating pagpapasakop sa Diyos ay nangangahulugan ng pagkatalo sa kamay ng kaaway.

Ang pananalita dito ay hango sa giyera. Kinakailangan nating magpailalim bilang isang mabuting sundalo na inilalagay ang kanyang sarili sa kanyang pinuno. Ang salitang "labanan" ay nangangahulugang tumindig na may tapang laban sa kaaway. Ngunit ang tagumpay ay nagsisimula at nagwawakas sa ating pagpapasakop sa Diyos. Ang dapat na panalangin ng Cristiano ay: "Kung ito ay sa Diyos, tatanggapin ko ito. Kung ito ay kay satanas, lalabanan ko ito sa pangalan ni Cristo."

Ito ang daan ng Kalbaryo ng tagumpay. Ito ang daang nilakaran ng ating Panginoon. Naging masunurin Siya hanggang kamatayan, maging kamatayan sa krus.

Nakita natin ang tagumpay na ito sa buhay ni Abraham nang ihandog niya ang kanyang anak na si Isaac, nang walang pagtatanong sa utos ng Diyos. Nang ibigay ni Abraham ang buong kapahayagan ng kanyang pagpapasakop at pagsunod, inulit ng Diyos ang Kanyang pangako na gagawin siyang ama ng isang dakilang bansa.

Meron pagitang panahon mula sa utos ng Diyos kay Abraham upang ihandog ang kanyang anak at sa sandaling namagitan ang Diyos at nagbigay ng isang lalaking tupa kapalit ni Isaac. May mga pagkakataon sa ating karanasan na ang kaaway ay hinahayaang umatungal, pero ito lamang ay kapag nagpakita tayo ng ating lubos na pagpapasakop sa Diyos. Natutuwa ang Diyos na bigyan tayo ng tagumpay laban kay satanas, pero kapag hindi tayo nagtagumpay, iyon ay dahil lamang sa ating kawalan ng pagpapasakop sa Diyos.

Sa paglapit natin upang lalo pang magpasakop sa Diyos, dapat tayong mag-ingat sa mga pamamaraang ginamit ni satanas upang bitagin ang maraming anak ng Diyos. Gaya ng salmista, marami sa atin ang nagsabi, Panginoon gusto kong siyasatin mo ang aking kaluluwa, at tingnan kung may anumang kasamaan sa akin." Pero huwag kang titigil doon. Kung wala ka nang gagawin maliban doon, magkakaroon ng pagkakataon si satanas na gawin ang nais niya. Hahalungkatin niya ang mga lumang kasalanan na ipinailalim na natin sa dugo nang matagal nang panahon at usigin tayo. Sa ganyang pagkakataon ay nalilimutan natin ang isang napakapraktikal na katotohanang inusal ni Apostol Pablo, *"Ang ginagawa ko ngayo'y nililimot ang nakaraan at sinisikap namakamtan ang nasa hinaharap." (Filipos 3:13).* Kapag ang mga kasalanan ay nasa ilalim ng dugo ni Jesus, hindi na natin ito dapat buhayin.

Kapag ipinasiyasat mo ang iyong buhay sa Diyos para ipakita kung merong karumihan sa iyo, makakaasa ka na ipakikita Niya ang ilang mga bagay na mali sa iyong buhay. Kayat tiyakin agad na ilagak ang iyong sarili sa Kanyang habag at pasalamatan Siya dahil nasa ilalim na ng Kanyang dugo ang buhay mo. Nawawalan nito ng pagkakataon si satanas na makapasok sa buhay mo (1 Juan 1:9).

Ang panghuling talata ay galing sa 1 Pedro kung saan mababasa natin, *" Humanda kayo at magbantay. Ang diyablo na kaaway ninyo ay parang leong umaatungal at aali-aligid na humahanap ng masisila. Labanan ninyo siya at magpakatatag kayo sa inyong pananalig sa Diyos." (1 Pedro 5:8-9).*

Dito ay tinatagubilinan tayo na maging handa. Hindi ito paghahanda dahil sa takot, kundi kahandaan na nagmumula sa pamamagitan ng pag-aaral ng Salita na nagtuturo sa atin na huwag maging ignorante sa mga paraan ni satanas.

Mula sa *How to Resist Satan* ni Theodore H. Epp.

Pagharap sa Rebeldeng Prinsipe

(mula sa pahina 4)

maloloko at mapapaniwala na kaya ka niyang nguyain at ilura at kontrolin ang iyong ugali. Sa totoo, pinepeke niya ang pagkatalo ng mga Cristiano!

Ang tanging dahilan kung bakit iginawad ni Cristo ang Kanyang awtoridad sa atin ay upang ipamalas sa kaharian ng kadiliman kung sino talaga ang may kontrol sa daigdig. Sa bandang huli ng Efeso, sinulat ni Pablo: *"Ako ang pinakahamak sa mga hinirang ng Diyos. Gayunman'y minarapat niyang ipagkaloob sa akin ang gawaing ito; ipahayag sa mga Hentil ang Mabuting Balita tungkol sa masagana at di-malirip na pagpapalang nagbubuhat kay Cristo, at ipaliwanag sa lahat kung paano isasagawa ang lihim na panukala ng Diyos. Ito'y matagal na panahong inilihim ng Diyos na lumikha ng lahat ng bagay, upang sa pamamagitan ng iglesya maipakilala ngayon sa mga pinuno at mga may kapangyarihan doon sa kalangitan ang walang hanggang panukala na isinakatuparan niya kay Cristo Jesus na ating Panginoon." (Efeso 3:8-10).*

Ano ang ginagawa natin upang maipahayag ang tagumpay ni Cristo sa mga *"pinuno at mga maykapangyarihan?"* Sinasabi pa rin ng iba sa atin, "Ano'ng kapamahalaan at kapangyarihan?" Hindi natin tiyak kung meron ngang mga diyablo. Paano natin magagawa ang ating trabaho sa mundo kung hindi tayo naniniwala sa sinasabi ng Diyos tungkol sa kaharian ng kadiliman? Ang iba sa atin ay naduduwag sa isang sulok at nakikiusap, "O Diyos, tulungan Mo po ako! Hinahabol kami ng diyablo!" At tumutugon ang Diyos, "Nagawa ko na ang dapat kong gawin. Tinalo ko na at dinisarmahan si satanas sa krus. Iginawad ko na ang lahat ng awtoridad sa iyo sa pamamagitan ni Cristo. Ngayon ay buksan mo na ang iyong mga mata. Kilanlin mo kung sino ka talaga at simulang ipamalas ang awtoridad na nasasaiyo na."

Hinango mula sa : The Bondage Breaker. Karapatang-sipi C 2000 ni Neil Anderson. Inilathala ng Harvest House Publisher. Eugene, OR. Ginamit na may pahintulot.

Panawagan para sa mga Mambubuno sa Panalangin

ni Ruth Paxson

Ang Aklat ng Efeso ay nagsisimula sa Cristianong nakay Cristo sa kalangitan na sumasagana sa di nauubos na kayamanan bilang isang tagapagmana ng Diyos at kasamang tagapagmana ni Cristo. Nagpapatuloy ito sa Cristianong lumalakad nang naaayon sa Panginoon, sa mapagmahal at masayang pakikisama sa mga Cristiano, at sa kalakasan at kapayapaan ng isang masayang tahanan. Magandang pagtatapos ito ng sulat.

Pero ang pagbabago ng eksena at kapaligiran ay pagdating sa 6:10. Agad tayong nalilipat mula sa mapayapang tahanan tungo sa masidhing labanan kung saan makikita natin ang malaking hukbong pasugod sa giyera; naririnig natin ang panawagan upang makipagdigma, at naamoy ang apoy ng digmaan. Sa Efeso 6:10-18 ay inilalarawan ang Cristianong humaharap sa kaaway, nakikipaglaban kay satanas. Ito ang di maiiwasang konsekwensya ng isang buhay na ibinubuhay kay Cristo, puspos ng Espiritu Santo, at lumalakad bilang isang taga ibang bayan sa daigdig na *"nasa kapangyarihan ng diyablo." (1 Juan 5:19)* at nasa ilalim ng kanyang pamamahala. Kayat dito ay may panawagan tayong dapat tugunang may tapang ng bawat Cristiano.

"Magpakatibay kayo ... sapagkat ang kalaban nati'y hindi mga tao...maging handa kayo ... manalangin kayo sa lahat ng pagkakataon." (Efe. 6:10,12,14,18).

Ang espiritu ng isang mandirigmang tagapanalangin ay isang balintuna. Sa panig ni Cristo ito ay pagtanggap ng kahinaan na nangangailangan ng kalakasan: sa panig naman ni satanas ito ay kalakasang pinahayag sa tagumpay. Ang magkabilang atityud na ito ay kapwa bunga at sanhi ng panalangin.

Ang mandirigmang Cristiano ay tunay na walang magagawa sa kanyang sarili. Nakatindig na mag-isa sa harap ni satanas at kanyang hukbo, siya ay manginginig sa takot at aatras. Malugod niyang tinatanggap ang katotohanan ng mga salita ng kanyang Punong Hukbo: *"sapagkat wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa akin." (Juan 15:5).* Ngunit ang mambubuno ay meron ng lahat ng bagay kay Cristo. Ang pinakakailangan niya kung gayon ay magkaroon ng palagiang komunikasyon sa kanyang Panginoon. Ang walang putol na komunikasyon sa pamamag-itan ng panalangin sa ating Kapitan-Mapagtagumpay-na-Cristo ay tanging saligan ng katiyakan ng isang palagiang tagumpay laban kay satanas.

"Ang lahat ng ito'y gawin ninyo sa pamamagitan ng mga panalangin at pagsamo; Manalangin kayo sa lahat ng pagkakataon, sa patnubay ngEspiritu. Kayat lagi kayong maging handa, at patuloy na manalangin para sa lahat ng hinirang ng Diyos." (Efeso 6:18).

"Manalanging Lagi"

"Manalangin sa lahat ng pagkakataon" ay pagkakaroon ng walang-putol na pakikipagniig sa Panginoon dahil lahat ng bagay, sa lahat ng pagkakataon, sa lahat ng lugar, ay maaaring dalhin sa Kanya kahit walang salitang inuusal. Nangangahulugan din ng palaging pagtataas ng kamay sa langit tanda ng lubos na pagdepende sa mga ordinaryong araw at sa biglaang krisis. Ngunit ang pagiging handa laban sa mga pakana ni satanas ay nangangailangan ng karunungan at lakas na nagmumula lang sa tiyakang panahong ginugol para sa panalangin.

Takot na takot si satanas sa isang banal na nakakaalam kung paano manaig kasama ng Diyos sa panalangin at alam kung paano magpadaloy ng kapangyarihan ng Diyos laban kay satanas. Kayat gagawin ni satanas ang lahat upang ilayo tayo sa pananalangin. Magpapadama siya ng pisikal na panghihina at panlulumo; ng panlulupaypay sa panalangin para sa mga pasanin ng tahanan at ng negosyo; pagdududa, panghihinawa at depresyon. Kayat kapag nakakadama tayo na ayaw nating manalangin, iyan ang pinakamabuting oras upang manalangin, dahil si satanas ay nakatapak na sa atin.

"Sa lahat ng panalangin at pagsamo"

"Panalangin at pagsamo" Maraming kahulugan ang "lahat ng panalangin." Pananalangin sa lahat ng pagkakataon, sa pulong panalangin, grupong panalangin, sa pampublikong pananalangin, kahit kung nagkakatipon ang bayan ng Diyos; sa loob ng silid, sa altar ng pamilya tuwing umaga, sa isang Bible class, o debosyonal na pulong. Ang pananalangin sa lahat ng pagkakataon; sa kasaganaan at sa kahirapan; sa kalakasan o karamdaman; umaga, tanghali at gabi, gaya ng pananalangin ng salmista. Ang pananalangin para sa lahat ng mga bagay sa ating personal na buhay, tahanan, negosyo, trabaho, upang walang maging puwang para makapasok at makakilos si satanas. Lahat ay dapat malukuban ng panalangin.

"At pagsamo" – ang paglimot sa sarili nating pangangailangan at pagharap sa mga atake ni satanas sa pamamagitan ng tiyak na petisyon. Ang panalangin ay dapat nakapokus sa tanging pangangailangan o panganib, gaya ng panalangin ng Iglesia para kay Pedro nang siya ay ibinilanggo.

"Sa Espiritu" - dahil walang karnal na sandata ang nananaig sa labanang espirituwal, gayundin ang panalangin sa laman ay merong kapangyarihan. Ang panalangin ay maaaring magkaroon ng porma ngunit walang riyalidad; gumagamit ng mga terminolohiya ng pakikipagbaka sa panalangin, pero walang puntos o kapangyarihan. Ang panalangin upang maging mabisa sa pakikipagbaka ay kinakailangang magpasimula sa Diyos na nakakakita ng buong paglalabanan, ang nakakaalam ng mga plano ng diyablo, ang nagpapasya ng lugar at bahagi ng bawat mambubuno, at nagdidirekta ng pagkilos ng buong hukbo na may tiyak na layuning ipatupad ang Kanyang pangwalang-hanggang adhikain. Kinakailangang magpasimula iyon sa mismong puso ng Diyos patungo sa ating puso, na may malalim na diwa ng kumbiksyon, agap at katiyakan. Ito ay gawain ng Espiritu Santo.

Hindi natin nakikita ang mga tagong bitag at mga pakana ni satanas. Ngunit ang Espiritu na pinakamarunong sa lahat ay laging nagmamatyag, nakakakita ng bawat panganib at bitag, at uudyukan tayo na manalangin. Paano nga ba naman natin matatandaan ang lahat ng bagay na dapat nating ipanalangin? Hindi natin kaya, pero ang Espiritu Santo ay magpapaalala sa atin, at hindi natin dapat ipuwera ang anumang udyok ng Espiritu Santo upang manalangin. Ang Espiritu Santo na sumasaatin ay magbabadya pati ng karakter at nilalaman ng ating panalangin. Ang panalangin sa Espiritu ay kinakailangang may inspirasyon ng Espiritu, gabay ng Espiritu, turo ng Espiritu, bigay ng Espiritu at pinalakas ng Espiritu.

Laging Handa at Nagpapatuloy

"Lagi kayong maging handa, at patuloy na manalangin." Ang mambubuno sa panalangin ay dapat maging handa, hindi hinahayaan ang katamaran, hindi lumilihis sa panalangin; ginagamit ang lahat ng pagkakataon sa panalangin, at tinitiyak na may ukol na oras sa panalangin. Dapat tayong magbantay para sa lahat ng bagay na nagpapabusog at nagpapalago sa buhay panalangin, at mapagbantay sa lahat ng bagay na humahadlang dito. *"Para sa lahat ng hinirang ng Diyos."* Sa pamamagitan ng salita ay alamin ang layunin ng Diyos para sa iglesia at sa mundo. Saka matyagan ang takbo ng mga kaganapan at magpuri habang natutupad ang walang-hanggang mga layunin ng Diyos, at manalangin at hadlangan ang nakikita mong pagtatangka ni satanas..

"Patuloy na manalangin." Manghawakan at manatili, hindi nanlulumo sa pagod, hindi bumibigay sa panghihina ng loob dahil sa natatagalang sagot, hindi napanghihina ng alok ng ibang mga bagay. Kundi magpatuloy sa pananampalataya hanggang sa dumating ang tagumpay.

"Para sa lahat ng mga banal"

"Para sa lahat ng hinirang ng Diyos." Tayo ay bahagi ng isa't isa, tunay na pinagbuklod kay Cristo, kung kayat kapag ang isang bahagi ay nahihirapan, lahat ng bahagi ay karamay, kayat ang bawat bahagi ay dapat magkaroon ng pagmamalasakit sa isa't isa (1 Cor. 12:25-26). Ang buong katawan ni Cristo ay natatalo ayon sa antas ng pagkatalo ng indibiduwal na miyembro, at ang tagumpay ng Iglesia laban sa kaaway na diablo ay nakadepende sa tagumpay ng bawat Cristiano. Kayat may responsibilidad ang bawat isang banal para sa lahat ng mga banal. Hindi lahat ng Cristiano ay inaangkin ang kanilang kayamanang sumasakay Cristo, o lumalakad nang ayon sa mataas na pagkatawag, o naninindigan laban kay satanas. Marami ang pumipighati sa Espiritu sa pamamagitan ng patuloy na paglakad ayon sa sanlibutan at sa laman, kayat binibigyang puwang ang diyablo. Kakaunti ang niliwanagan ng Espiritu (Efe. 1:17); nananalangin sa Espiritu (6:18); pinalalakas ng Espiritu (3:16); at puspos ng Espiritu (5:18). Nasaan kaya ang dahilan ng panghihina ng Iglesia? Hindi bat bawat Cristiano ay may bahagi sa kakulangan sa larangan ng kawalan ng panalangin para sa lahat ng mga banal?

Sobra ang pagiging makitid at pagiging makasarili sa pananalangin natin. Ipinapanalangin natin ang sarili nating lokal na iglesia at para sa sarili nating denominasyon at pagmimisyon, pero paano ang napakarami pang ibang mga batalyon ng mga sundalong Cristiano sa ilalim ng iba't ibang pangalan at tagapanguna, ngunit bahaging lahat ng hukbo ng Panginoon? Ang labanan ay maaaring maipanalo dito at doon, pero talo rin maliban merong pag-abante sa lahat ng sektor ng paglalabanan. Kinakailangang magtatag ng mga bagong rekrut; alagaan ang mga sugatang kasamahan; samahan ang mga sundalong lumiliit ang bilang; sanayin ang mga opisyal; magpatuloy sa pagbibigay ng pondo para maipagpatuloy ang digmaan. Mangyayari lang ito kung ang bawat isa ay mananalangin. Tunay na lalawak at lalakas ang Iglesia kung bawat isang Cristiano ay idadalangin ang panalangin ng mga taga Efeso (1:15-19; 3:14-20).

"Ipanalangin din ninyong ako'y pagkalooban ng wastong pananalita upang buong tapang kong maipahayag ang hiwaga ng Mabuting Balita. Dahil sa Mabuting Balitang ito, ako'y sinugo, at ngayo'y natatanikalaan. Kayat ipanalangin ninyong maipahayag ko ito nang buong tapang, gaya ng nararapat." (Efe. 6:19-20)

Si Pablo ay isang pinuno ng hukbo ni Cristo noong Unang Iglesia. Kayat markado siya ng pinakamatitinding pag-atake ni satanas. Nagtagumpay si satanas na siya ay maipabilanggo, at akala niya'y nawala na siya sa laban, pero ang ayaw paawat na bihasang sundalo ay iginapos ang kaaway sa pamamagitan ng panalangin. Naigapos lang siya ng posas, ngunit sa bawat selda ay nakapanghikayat ng mga kaluluwa para sa kanyang Panginoon.

Bagamat ayaw papigil, hindi naman siya sobrang tiwala sa sarili. Kailangan niya ng lakas at tapang upang ipangaral ang ebanghelyo at matapat na maisakatuparan ang kanyang mga tungkulin bilang isang embahador ni Cristo. Para dito ay humihingi siya ng tulong sa pamamagitan ng panalangin ng ibang mga banal. Tunay ngang napakalaki ng pangangailangan ngayon para sa panalanging ito para sa mga embahador ni Cristo, sa larangang pagmimisyon at sa lokal. Pahirap ng pahirap para sa mga matatapat na mensahero ni Cristo ang magpahayag ng Ebanghelo ng isang perpektong kaligtasan sa pamamagitan ng Tagapagligtas. Marami ang inuusig at ibinibilanggo para sa ebanghelyo, gaya ni Pablo, at sinabi nila sa atin, *"ipanalangin ninyo ako."*

Walang Pagreretiro sa Hukbo ng Diyos!

Walang nagreretiro sa hukbo ng Diyos. Maaaring magpalit ng posisyon dahil sa kanilang mayamang karanasang natamo sa maraming taon ng aktibong serbisyo sa aktuwal na digmaan, at ilagay sila na tagapanalangin. Kinakailangan Niya ng mga mandirigmang tagapanalangin ngayon nang higit kaysa nagdaang panahon, kayat kung binigyan ka Niya na mapabilang sa ganitong karangalan, nawa ay matanggap mo ito nang buong galak.

Napakabigat na responsibilidad ang nakaatang sa balikat ng mandirigmang tagapanalangin, patungo kay Cristo, patukoy sa Iglesia at patukoy kay satanas. Patukoy kay Cristo, kalakip nito ang puspusang pakikipagtulungan sa Panginoon sa pagsasakatuparan ng walang-hangang layunin ng Ama sa atin at sa pamamagitan natin. Nangangailangan ito ng isang kaalaman ng kalooban ng Ama patungkol sa Iglesia at sa sanlibutan gaya ng nahahayag sa Kanyang Salita, upang maalaman natin kung alin sa gawain ng Iglesia sa ngayon ang nasa direksyon ng Panginoon sa pamamagitan ng gabay ng

(sundan sa pahina 7)

Panawagan para sa mga Mambubuno sa Panalangin

(mula sa pahina 6)

Espiritu. Kailangan din nating malaman kung ano ang makamundong karunungan at pantaong patakaran, kung alin ang nalilihis sa pamamagitan ng mga bulaang propeta at guro. Sa pamamagitan lamang nito tayo makapaglilingkod, makapapanalangin at makapagbibigay nang may katalinuhan para sa gawain ng Panginoon. Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa ating Panginoon sa panalangin kaya tayo ay makalalaban sa lahat ng bahagi ng digmaan, at mapasok ang pinakamalayong teritoryo ng kaaway.

Ang responsibilidad natin patukoy sa Iglesia ay napakalaki at napakalawak. Mula sa Salita ng Diyos ay kinakailangan natin malaman ang katuruan patungkol sa Iglesia bilang Katawan ni Cristo; upang kilanlin hindi lang sa doktrina kundi sa praktikal, ang ating pakikiisa sa lahat ng mga banal — anumang kulay, lahi, bansa o estado, at upang mamuhay, gumawa at manalangin para mailuklok ang buong Katawan ni Cristo sa pinakamataas na kalagayan at upang manatiling nagtatagumpay laban kay satanas.

Patukoy kay satanas ang ating responsibilidad ay napakalaki. Ito ang sabi ni Cristo kung ano ito:

> Mateo 12:29: *"Paanong mapapasok ang bahay ng isang malakas na tao kung hindi siya gagapusin? Kung gapos na, saka pa lamang malolooban ang bahay niya."*
> *Lucas 10:19 "Binigyan ko kayo ng kapangyarihang tumapak sa mga ahas at mga alakdan, at yumurak sa kapangyarihan ng kaaway. Walang makapipinsala sa inyo."*

Di bat marami sa atin ang kinukuha agad ang nabawi kay satanas bago pa siya igapos? Di bat ignorante tayo sa ibinigay na awtoridad sa atin, at nang malaman na natin ito, ay natatakot namang gawin ito? Dahil dito, naigapos tayo ni satanas (Lucas 13:16), sa halip na tayo ang gumapos sa kanya, at hinadlangan tayo sa halip na siya ang ating hadlangan. Nais ng Panginoon na malaman ng mandirigma Niya at maranasan ang kapangyarihang ito na gapusin at talunin ang kaaway sa pamamagitan ng panalangin sa Kanyang pangalan.

Kailangan ng Diyos ngayon ng tagapanalanging mandirigma na natutunang isagawa ang awtoridad nilang bigay ng Diyos, at tanggalan ng kapangyarihan ang diyablo na sarhan ang pintuan para sa ebanghelyo; na akayin ang mga Cristiano na sumamba; na patalsikin ang mga misyonero mula sa pagmimisyon; na patigilin ang mga pondo at suplay para sa gawain ng Diyos; na pahayuin ang sarili niyang mga ministro at bulaang tagapagturo sa mga lugar ng misyon o sa mga pulpito ng mga ebanghelikong simbahan at tahanan; upang hadlangan ang gawain ng revival at paglalahad ng buong mensahe ng kaligtasan; upang pasiklabin ang kaguluhan sa Iglesia at sa lugar ng misyon; upang papanghinain ang espiritu ng mga banal, katawan, kaluluwa at espiritu; upang bulagin ang mga Cristiano sa katotohanan ng pagbabalik ng Panginoon at upang hadlangan ang gawain ng pagtapos at pagpapabanal ng katawan ni Cristo at pagpapabilis ng pangkatapusang tagumpay ni Cristo at pagsasakatuparan ng walang-hanggang layunin ng Diyos.

Mga kapwa Cristiano, isa ka bang mandirigma sa panalangin? Kung hindi, ilalaan mo ba ang iyong sarili kay Cristo ngayon sa pagsasanay at pagtuturo ng Kanyang Espiritu?

Si Apostol Pablo mismo ay isang subok at mapagkakatiwalaang mandirigma ay nagbibigay ng dalawang utos na nagbabala sa dalawang lugar na magbibigay ng tagumpay kay satanas sa pamamagitan ng paglumpo sa Cristiano sa espirituwal na pakikipagbaka. At pinamanhikan niya ang mga Cristiano na lalong pagbutihin ang pagiging handa niya sa pakikipagdigma.

Pagbibigay ng pagkakataon sa Diyablo

"Huwag ninyong bigyan ng pagkakataon ang diyablo" (Efe. 4:27). Kapag binigyang puwang ang diyablo, magkakaroon siya ng himpilan sa kampo ni Cristo. Doon ang kanyang lunsaran ng kanyang kampanya. Dahil sa pagbibigay puwang sa diyablo ay nagiging kakampi niya ang ilang bahagi ng hukbo ni Cristo. Ang pagbibigay puwang sa diyablo ay nagpapahina sa hukbo ng Panginoon at isinusuko kay satanas ang mga espirituwal na lakas na pag-aari ng Kapitan ng mga Hukbo ng ating kaligtasan. Sumusugod ang hukbo ni Cristo na may kakulangan. Kumakaunti ang mga tauhan na may makalangit na kapangyarihan. Ang pagbibigay puwang sa diyablo ay humahati ng katapatan at naglalagay ng mga taksil at traydor sa hukbo ng Panginoon.

Kayat ang diyablo ay walang tigil sa paghahanap ng maagaw sa buhay ng bawat sundalong Cristiano. Magsisimula siya sa isang napakaliit na bahagi, kahit ano basta't makayapak siya sa buhay mo. Alam niya ang ating mga kahinaan. Lumalapit siya sa ating mga mahihinang bahagi. Pumapasok siya kung saan makapal ang kalawang. Naghihintay lang siya saka tayo bibiglain. Tumutukso siya sa pinaka mahinang punto. Gumagawa siya nang hindi halata, manlilinlang siya, upang hikayatin tayong kumampi sa kanya. Sa isang tunay na espiritual na magdirigma ay lumalapit siya palagi bilang isang anghel ng liwanag, upang makalusot, at ginagawa ang lahat upang magbalatkayo. Ang pinagtatangkaan niya ay magkaroon ng "puwang" upang pasimulan ang kanyang mga gawain, upang mapanghina ang loob ng sundalong Cristiano upang hindi niya makayanang makipaglaban, upang sa huli ay makapanaig siya at magamit ang Cristiano upang maging katulong niya.

Pagpighati sa Espiritu Santo

"At huwag ninyong dulutan ng pighati ang Espiritu ng Diyos" (Efe. 4:30). Ang takot sa diyablo ay nagdudulot ng pighati sa Espiritu Santo dahil sa binibigyang puwang ang tagumpay ng diyablo.

Ang Espiritu Santo ay nananahan sa atin upang gumawa sa atin ng isang matagumpay na buhay ni Cristo upang tayo ay makatindig at makadaloy sa pamamagitan natin ang Kanyang pambihirang kapangyarihan upang tayo ay manaig. Anumang pumipigil sa Espiritu Santo sa pagpapatuloy Niya ng Kanyang gawain ay tumutulong kay satanas na talunin si Cristo.

Ano ba ang nasa atin na nagpapalungkot sa Espiritu Santo? Alinmang masama. Anumang nasa atin na taliwas sa Kanyang pagiging Diyos, ay pumipighati sa Kanya. Siya ay Espiritu ng katotohanan, pananampalataya, biyaya, karunungan, kapangyarihan, pag-ibig, disiplina, kabanalan. Kayat anumang di totoo, di kapanipaniwala, hindi mabiyaya, walang katalinuhan, di mabunga, walang pag-ibig, walang kontrol, di banal, ay pumipighati sa Espiritu Santo. Kayat anumang antas ng kasalanan maging sa laman o espiritu, hayagan o sa lihim, ay pumipighati sa Espiritu Santo.

Pagiging Puspos sa Espiritu

"Mapuspos kayo ng Espiritu Santo" (Efe. 5:18). Ito ang islogan ng isang matagumpay na mandirigma. Tanging ang mandirigmang puspos ng Espiritu ang makadadaig at makapagpapatalsik sa hukbo ni satanas.

Kapag puspos ng *"espiritu ng karunungan"* (1:17), malalaman niya ang mga pakana ng diyablo (6:11). Kapag puspos ng kapangyarihan ng Espiritu (3:16), dinaraig niya ang diyablo. Kapag puspos ng Espiritu (3:19), siya ay may makalangit na kapangyarihang upang pumasok sa labanan ng puwersa ng mabuti at masama, at makapangyarihang magtatagumpay dito.

"Kayat isuot ninyo ang baluting mula sa Diyos. Sa gayon, makatatagal kayo sa pakikipaglaban pagdating ng masamang araw na iyon, at pagkatapos ng inyong pakikipaglaban ay matatag pa rin kayong nakatayo." (6:13).

Mula sa *the Wealth, Walk and Warfare of the Christian* ni Ruth Paxson.

ANG PAGPUPURI AY ISANG MAKAPANGYARIHANG SANDATA

"Ang pagpupuri ay nagtutuon ng iyong mga mata mula sa labanan tungo sa tagumpay, dahil si Cristo ay isang Mapagtagumpay, at bagaman hindi natin nakikita ang lahat ng bagay sa ilalim ng Kanyang paa, sa totoo ay naroon sila at tinatapakan Niya (Hebreo 2:8; Efeo. 1:22). Kapag kailangan mo ng pananampalataya ay merong dalawang hakbang: Dumako ka sa Salita ng Diyos, at Siya ay papurihan. Ang dalawang ito ay magkalakip gaya ng oxygen at tubig. Huminto sa pag-aalala at pagkatakot; sikaping magpuri. Kailangan mo ba ng pananampalataya? Purihin mo ang Panginoon!"

Si Wesley L. Duewel, isang bihasang mandirigma sa panalangin, ang sumulat nito, at makabubuti sa atin na sundin ang kanyang payo kung nais nating maging angkop para sa pakikipagbaka sa panalangin ngayon. Magpunta ka sa Salita ng Diyos at magsimulang magpuri sa Kanya.

Pagiging Handa – Ang Susi Pagiging Ligtas

ni E.M. Bounds

Gumagamit ng libu-libong kasangkapan ang diyablo laban sa atin, libu-libong kaparaanan, naglalagay ng libu-libong pagsaway, at umaatake ng libu-libong paraan. Ang pagiging gising sa lahat ng pagkakataon ang tangi nating kaligtasan. Ang maging gising na gising hindi lang kapag nakikita natin ang kanyang anyo at nararamdaman ang kanyang presensiya, kundi gising na gising para makita siya kapag hindi siya nakikita, para itaboy siya sa libu-libong niyang pagbabalat-kayo – ito ang matalino at ligtas nating daan.

Ang pagiging gising ang palaging panawagan sa Bagong Tipan. Walang ibang panawagan ang sumusugat at dagliang tumatalo kay satanas maliban sa lubos na pagbabantay. Ang pagdako sa bantayan ay pumipigil sa lahat ng pag-atake at ito ang daan tungo sa tagumpay.

Ang pagiging handa ay isang panawagan para hindi matulog, para maging laging handa. Paglalarawan ito ng mga pastol ng kawan, gaya ng pagbabantay ni Jacob kay Laban: *"Mahabang panahon akong nagtiis ng matinding init ng araw, at lamig ng gabi. Kulang na kulang ako sa tulog." (Gen. 31:40).* Ito ay kawalan ng tulog, gaya ng paggising kapag may matinding panganib, laging nagbabantay at alerto, kalagayang hindi maaaring matulog. Ang antok ay nawawala. Ang pagbabantay ay naglalayo sa atin laban sa katamaran at kapabayaan.

Sa Pahayag 3:2 ang Iglesia sa Sardis ay tinatawagan upang gumising, dahil siya ay nagpapabaya dahil sa animo'y maayos na paligid. Ang Iglesia sa Efeso ay tinagubilinan upang magkaisa sa pagbabantay na may pananalangin (Efe. 6:18). Ang Iglesia sa Corinto ay hinimok na magbantay at tumindig (1 Cor. 16:13). Ang mga taga Colosas ay pinamanhikan na *"huwag kayong magsasawa sa pananalangin. Gawin ninyo itong mataimtim at may pasasalamat." (Col. 4:2).* Ang mga taga Tesalonica, *"manatiling gising, laging handa, at malinaw ang isip" (1 Tesa. 5:6).* Ang batang mangangaral na si Timoteo ay dapat *"maging mapagpigil sa lahat ng oras." (2 Tim. 4:5).* Ang panawagan ni Pedro ay *"maging mapagtimpi at panatilihing malinaw ang pag-iisip upang makapanalangin." (1 Pedro 4:7).* Muli niyang sinabi, *"Humanda kayo at magbantay. Ang diyablo ng kaaway ninyo ay parang leong umaatungal at aali-aligid na humahanap ng masisila." (1 Pedro 5:8).* Sa Pahayag 16:15 ay ganito ang panawagan: *"Makinig kayo! Ako'y darating na gaya ng magnanakaw! Mapalad ang nanatiling gising... hindi siya lalakad ng hubad at di mapapahiya sa madla!"*

Ang pinakamadalas na panawagan upang magbantay ay mula sa Panginoon. *"Kayat magbantay kayo, sapagkat hindi ninyo alam kung anong araw paririto ang inyong Panginoon." (Mat. 24:42).* Muli ay tinawagan Niya tayo, *"Kaya magbantay kayo, sapagkat hindi ninyo alam ang araw ni oras." (Mateo 25:13).* Palagi Niya tayong tinatawagan, *"Kaya magbantay kayo."*

Ang panawagan mula sa Kanya ay maging gising, maging gising na gising. *"Kayat maging handa kayo sa lahat ng oras. Lagi ninyong idalangin na magkaroon kayo ng lakas upang makaligtas sa lahat ng mangyayaring ito at makaharap sa Anak ng Tao." (Lucas 21:36.* Inutusan Niya ang Kanyang mga alagad, kayat inutusan rin Niya tayo *"Magpuyat kayo at manalangin upang huwag kayong madaig ng tukso. Ang espiritu'y nakahanda ngunit mahina ang laman." (Mateo 26:41).* Hanggan ngayon ay mahina pa rin ang laman, at ang pagiging handa ay dapat laging may lakip na panalangin habang tayo ay nasa laman pa.

Ang ating mga Tahanan at Pamilya Para sa Diyos... Ang Diyos ng kapayapaan...ipalulupig Niya sa inyo si satanas!

(Paghahanda ng iyong pamilya para sa labanan)

ni Kim Butts

Ilang taon na ang nakakalipas, isang grupo ng mga ina sa aking Bible study ay nababahala dahil sa panggugulo ng diyablo sa kanilang tahanan. Makapangyarihan ang wika ng Roma 16:19-20, *"Balitang-balita ang inyong pagtalima kay Cristo, at ikinagagalak ko ito. Ngunit ang ibig ko'y maging matalino kayo tungkol sa mga bagay na mabuti, at walang malay sa mga bagay na masama. Ang Diyos ang nagbibigay ng kapayapaan; hindi na magtatagal at ipalulupig niya sa inyo si satanas!"*

Nagpasya kami na literal na tindigan ang talatang ito. Isang umaga sinulat naming lahat ang salitang "Satanas" sa ilalim ng aming mga sapatos at niyapakan siya sa paglalakad namin maghapon. Magaganda ang naging kwento nang sumunod na linggo. Tuwang-tuwang ibinahagi ng isang babae na mas lalo siyang naging mulat tungkol sa presensiya ng Panginoon, at winawasak ang mga pagtatangka ng diyablo na guluhin ang kanilang tahanan. Isa pa ang nagsabi bilang patotoo kung ano ang ginawang aksyon ng kanyang mga anak, na pinagyayapakan din nila ang diyablo. Ikinuwento ko ang pagkagulat ng isang babae nang ang swelas ng aking sapatos ay nakita ng mga dumadaan sa aking kinauupuan. Bilang isang grupo, naipasya namin na ang Diyos ng kapayapaan ay tunay na tumatalo ng kaaway at ang tagapag-ingat ng ating kaligayahan, at gusto pa naming matutunan ang pagiging matalino tungkol sa mga bagay na mabuti at maging inosente sa masama.

Kung gusto nating palayasin ang diyablo sa paninira ng ating buhay at buhay ng ating pamilya, narito ang mga importanteng prinsipyo na dapat pag-aralang mabuti! Dapat tayong manindigan na ipasa ang mga katotohanang ito sa ating mga anak at mga apo upang magkaroon din sila ng mabisang kasangkapang kakailanganin nila laban kay satanas.

Maging matalino tungkol sa mga bagay na mabuti.

• **Sanayin ang iyong pamilya para malaman nang walang pagdududa na ang Panginoon ay laging mabuti.** *"Ang galing ni Yahweh hanaping masikap; yaong nagtiwala sa kanyat naligtas ay maituturing na taong mapalad." (Awit 34:8). "Kahit mga leon ay nagugutom din, sila'y nagkukulang sa hustong pagkain; ngunit ang sinumang si Yahweh susundin, sa anumang bagay hindi kukulangin." (Awit 34:10). "Siya ay mabuti at kahit kanino'y hindi nagtatangi; sa kanyang nilikha, ang pagtingin Niya ay mamamalagi." (Awit 145:9).*

• **Sanayin ang iyong pamilya na maintindihan nang husto ang biyaya ng Diyos.** *"Sapagkat inihayag ng Diyos ang Kanyang kagandahang-loob na nagdudulot ng kaligtasan sa lahat ng tao. Ito ang siyang umaakay sa atin upang talikdan ang likong pamumuhay at damdaming makalaman. Kayat makapamumuhay tayo ngayon nang maayos, matuwid at karapat-dapat sa Diyos. Samantalang hinihintay natin ang ating inaasahan – ang dakilang Araw ng pagpapahayag sa ating dakilang Diyos at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo sa gitna ng Kanyang kaningningan. Ibinigay Niya ang kanyang sarili upang iligtas tayo sa lahat ng kalikuan at linisin para maging Kanyang bayan na nakatalagang gumawa ng mabuti." (Tito 2:11-15).* Nagbigay ng daan ang Diyos para maligtasan natin ang masama. Nakamtan natin ang ating kapatawaran kapalit ng Kanyang sariling Anak, si Jesu-Cristo. Turuan ang iyong pamilya na hindi aalisin ng Diyos ang biyayang kaloob na ito mula sa atin – kahit naramdaman nating binigo natin Siya. Walang napakabigat na kasalanan na hindi kayang patawarin ng Ama kapag ang ating mga puso ay tunay na nagsisisi. Ang kapangyarihan ng Kanyang Espiritu Santo ay tutulong sa atin upang mabuhay na matuwid sa harapan Niya.

• **Sanayin ang inyong mga anak upang maging isang matatag na mananampalataya.** *"Ngunit ang matigas na pagkain ay para sa may sapat na gulang, na sanay na sa pagkilala ng mabuti't masama." (Heb. 5:14).* Ang iyong tahanan ay dapat masanay sa espirituwal upang magkaroon ng napakalinaw na linya sa pagitan ng mabuti at masama. Isahan at sama-sama, hanapin ang Panginoon nang malapitan sa panalangin, upang sumambang may kagalakan at may ekspresyon, makinig at maghintay sa Panginoon nang tahimik at may pagtitiyaga, at maging aktibong tagatupad ng Salita ng Diyos. Sa ganitong paraan, magkakaroon ka ng sambahayang puno ng mga radikal na tagasunod ni Jesus, ganap sa pagsunod sa Dakilang Utos (Mateo 28:19-20) (Marcos 12:29-31).

• **Sanayin ang iyong pamilya para mabilis na kilanlin ang kaibhan ng Espiritu ng Diyos at mga espiritung hindi sa Diyos;** *"Ito ang pagkakakilanlan kung sino ang kinaroroonan ng Espiritu ng Diyos: ang nagpapahayag na si Jesu-Cristo ay naging tao ang siyang kinaroroonan ng Espiritung mula sa Diyos. Subalit ang hindi nagpapayahag ng gayon tungkol kay Jesus ay hindi kinaroroonan ng Espiritung mula sa Diyos." (1 Juan 4:2-3a). 'Huwag mong tularan ang masamang halimbawa kundi ang mabuti. Ang gumagawa ng mabuti ay anak ng Diyos; ang gumagawa ng masama ay hindi nakakita sa Diyos." (3 Juan 11). "Sabihin mo na lang na 'Oo' kung oo at 'Hindi' kung hindi; sapagkat ang humigit pa rito ay buhat sa masama." (Mateo 5:37).*

• **Sanayin ang iyong pamilya na maging sabik sa paggawa ng mabuti.** *"Sa wakas, magkaroon kayo ng pagkakaisa, at magtinginan kayong mabuti. Magmahalan kayo bilang magkakapatid, maging maunawain at mababang-loob. Huwag ninyong gantihan ng masama ang gumagawa sa inyo ng masama. Huwag ninyong alipustain ang umaalipusta sa inyo. Sa halip, ipanalangin ninyong sila'y pagpalain yamang hinirang kayo upang tumanggap ng pagpapala ng Diyos. Ayon sa nasusulat: 'Ang may nais ng payapa at saganang pamumuhay, dila niya ay pigilin sa paghabi ng kasamaan. Ang marayang pangungusap at anumang panlilinlang sa kaniyang mga labi'y pag-ingatang huwag nukal. Ang gawaing masasama ay iwasan sa tuwina, at magsanay sa ugali na matuwid at maganda. Ang mithiing mapayapa at mabuting pakisama sa kaniyang puso't diwa ay tuntuning nangunguna. Ang mata ng Panginoo'y nakatuon sa matuwid panalangin nila'y malugod na agad dinirinig. Ngunit tuwing makikita ang sa taong gawang lihis yaong banal niyang mukha, sa poot ay nagngingitngit!" At sino naman ang mamiminsala sa inyo kung kayo'y walang hinahangad kundi pawang kabutihan? At sakalimang pag-usigin kayo dahil sa paggawa ng mabuti, mapalad pa rin kayo! Huwag kayong matakot sa kanilang mga banta at huwag mabagabag. Idambana ninyo sa inyong puso si Cristong Panginoon. Humanda kayong lagi na magpaliwanag sa sinumang magtatanong sa inyo tungkol sa inyong pag-asa. Ngunit maging mahinahon at mapitagan kayo sa inyong pagpapaliwanag. Panatilihin ninyong malinis ang inyong budhi upang mapahiya ang mga umaalipusta at tumutuya sa inyong magandang asal bilang mga lingkod ni Cristo. "Sapagkat lalong magaling, kung gayon ang iniibig ng Diyos na kayo'y mangagbata dahil sa paggawa ng mabuti kay sa dahil sa paggawa ng masama." (1 Pedro 3:8-17*

• **Sanayin ang iyong pamilya sa pag-unawa ng "pagkatakot sa Panginoon"** *"Lapit, ako'y dinggin mga kaibigan at kayo ngayo'y aking tuturuan na ang Diyos ay dapat nating katakutan. Ang buhay masaya at mahabang buhay, di ba ninyo gustong inyong maranasan? Salitang mahalay at pagsisinungaling, ay dapat iwasan at h'wag banggitin. Mabuti ang gawi't masama'y layuan pagsikapang kamtin ang kapayapaan." (Awit 34:11-14).* Mahalaga na naiintindihan ng ating mga pamilya ang pagiging kamangha-mangha ng ating banal na Diyos. Tanging Siya lamang ang ganap na mabuti. Ang layunin ng buhay natin ay maging katulad Niya.

• **Sanayin ang iyong pamilya na magkaroon ng makadiyos na karunungan:** *"Sino sa inyo ang marunong at nakauunawa? Ipakita ninyo ito sa pamamagitan ng wastong pamumuhay na bunga ng kapakumbabaan at karunungan." (Santiago 3:13).* Ang karunungan sa buhay ng isang Cristiano ay sinusukat ng mabubuting gawa na may kababaan sa halip ng masamang motibo o pansariling pakinabang. Dapat tayong matutong mamuhay gaya ng matatalino, dahil kumikilos tayo mula sa pusong nakadugtong sa ating Ama.

"Walang malay sa mga bagay na masama"

• **Turuan ang iyong pamilya na huwag hanapin ang kaaway.** *"Kung mabuti ang hangarin, ikaw ay igagalang, kapag humanap ng gulo, iyon ay masusumpungan." (Kawikaan 11:27).* Hinarap ni Jesus ang kaaway nang may determinasyon at tapang gamit ang Salita ng Diyos (sa oras ng Kanyang pagtukso), sinaway Niya (nang gamitin nito ang bibig ni Pedro), at pinalayas ang demonyo mula sa mga tao na pinahihirapan niya. Sa lahat ng mga ito, hindi pinaghanap ni Jesus ang kaaway. Hindi Siya namalagi sa kaaway, sa halip, hinanap Niya ang kaharian ng Diyos. Nais Niyang gawin ang gawain ng Ama lamang, humihinto para kaharapin ang mga demonyo kapag kinakailangan lamang, at kung ang Kanyang gawa ay makakaluwalhati sa Diyos. Hindi nais ni Jesus na mapokus tayo sa mga masasamang gawa ng kaaway, kundi sa maluwalhating gawa ng Panginoon.

• **Turuan ang iyong pamilya na maging mapagpigil at alerto:** *"Humanda kayo at magbantay. Ang diyablo ng kaaway ninyo ay parang leong umaatungal at aali-aligid na humahanap ng masisila. Labanan ninyo siya at magpakatatag kayo." (1 Pedro 5:8-9a).* Napakahalagang laging malaman na ikaw ay nasa labanan. Turuan ang iyong pamilya na laging tandaan na nakay Jesus ang tagumpay!

• **Turuan ang iyong pamilya na panatilihing malinis ang kanilang isipan.** *"Sa wakas, mga kapatid, dapat maging laman ng inyong isip ang mga bagay na karapat-dapat at kapuri-puri: mga bagay na totoo, marangal, matuwid, malinis, kaibig-ibig, at kagalang-galang. Isagawa ninyo ang lahat ng inyong natutuhan, tinanggap, narinig, at nakita sa akin. Kung magkagayon, sasainyo ang Diyos na nagbibigay ng kapayapaan." (Filipos 4:8-9).*

• **Turuan ang iyong pamilya na layuan ang pag-ibig sa salapi.** *"Sapagkat ang pag-ibig sa salapi ay siyang ugat ng lahat ng kasamaan. Dahil sa paghahangad na magkamal ng salapi, may mga nalayo sa pananampalataya at nasadlak sa paghihirap ng kalooban. Ngunit ikaw na lingkod ng Diyos, umiwas ka sa mga bagay na ito. Sikapin mong mamuhay sa katuwiran, kabanalan, pananalig, pag-ibig, pagtitiis at kaamuan." (1 Timoteo 6:10-11)*

• **Turuan ang iyong pamilya na layuan ang masasamang nasa ng kabataan.** *"Kaya nga, iwasan mo ang masasamang hilig ng kabataan. Pagsikapan mong maging makatarungan, tapat at mapagmahal. At mamuhay ka nang payapa, kasama ng mga taong may malilinis na puso at tumatawag sa Panginoon." (2 Timoteo 2:22). " Mga kapatid, huwag kayong mga isip-bata. Maging tulad kayo ng mga batang walang malay sa kasamaan, ngunit maging ganap ang inyong pag-iisip." (1 Cor. 14:20).*

• **Turuan ang iyong pamilya na hanapin ang mabuti, hindi ang masama.** *"Gawin mo ang matuwid, huwag ang liko, upang ikaw ay mabuhay. Sa gayon, sasaiyo si Yahweh, ang Diyos na Makapangyarihan, tulad ng sinasabi mo." (Amos 5:14).*

• **Turuan ang iyong pamilya na huwag suklian ng masama ang masama.** *"Huwag ninyong gantihin ng masama ang masama. Sikapin ninyong mamuhay nang marangal sa lahat ng panahon." (Roma 12:17).*

• **Turuan ang iyong pamilya na huwag padadaig sa masama, kundi daigin ng mabuti ang masama.** *"Huwag kang padaig sa masama, kundi daigin mo ng mabuti ang masama." (Roma 12:21).*

• **Turuan ang iyong pamilya na manalangin para sa paglaya laban sa masama.** *"At huwag mo kaming iharap sa mahigpit na pagsubok, kundi ilayo mo kami sa masama!" Mateo 6:13).*

• **Turuan ang iyong pamilya "na lumayo sa masama tungo sa mabuti: hanapin ang kapayapaan at sundan ito" (Awit 34:14).**

Ang Diyos ng kapayapaan...ipalulupig niya sa inyo si satanas

• **Turuan ang iyong pamilya na labanan ang diyablo.** *"Kaya nga, pasakop kayo sa Diyos. Labanan ninyo ang diyablo at lalayuan niya kayo." Magsilapit kayo sa Diyos, at Siya'y lalapit sa inyo. (Santiago 4:7).*

• **Turuan ang iyong pamilya na isuot ang baluti ng Diyos at gamitin ito.** Basahin ang Efeso 6:10-18. Turuan silang labanan si satanas sa pamamagitan ng salita ng Diyos kapag sila ay tinutuksong gumawa ng masama, mag-isip ng masama, o magsalita ng masama. *"Sumagot si Jesus, 'Lumayas ka, satanas! Sapagkat nasusulat, ang iyong Diyos at Panginoon ang sasambahin mo; Siya lamang ang iyong paglilingkuran.'" (Mateo 4:10).*

• **Turuan ang iyong pamilya na magtiwala sa Diyos ng kapayapaan:** *"Ang Diyos na pinagmumulan ng kapayapaan ang siyang muling bumuhay sa ating Panginoong Jesus na naging Dakilang Pastol ng mga tupa dahil sa Kanyang dugo na nagpatibay sa walang hanggang tipan. Nawa'y ipagkaloob Niya sa inyo ang lahat ng kailangan ninyo upang maisagawa ang Kanyang kalooban, at sa pamamagitan ni Jesu-Cristo ay gawin Niya sa atin ang nakalulugod sa Kanya. Papurihan nawa si Cristo magpakailanman! Amen." (Hebreo 13:20-21). "Nawa'y lubusan kayong pabanalin ng Diyos na Siyang nagbibigay ng kapayapaan. At nawa'y panatilihin Niyang walang kapintasan ang buo ninyong katauhan – ang espiritu, kaluluwa, at katawan – hanggang sa pagparito ng ating Panginoong Jesu-Cristo. Tapat ang tumawag sa inyo, at gagawin Niya ang mga bagay na ito." (1 Tesa. 5:23-24).*

Ang ating Diyos ay mas dakila kaysa anumang maipupukol sa atin ni satanas, pero tiyak na pupuntiryahin ni satanas ang iyong pamilya kung buong puso kayong sumusunod kay Cristo. Huwag ninyong mamaliitin ang kanyang galit sa mga anak ng Diyos. Ihanda ang iyong pamilya upang maging matalino sa mga bagay na mabuti, walang malay sa masama. Tulungan silang malaman nang walang duda na kaya ng Diyos, katunayan ay tinalo na Niya si satanas sa krus ng kalbaryo.

PAUNAWA

KUNG MAGPAPADALA PO KAYO NG KALOOB UKOL DITO SA GAWAIN NG PANGINOON, MANGYARI PO LAMANG NA ISULAT SA TSEKE O MONEY ORDER SA PANGALAN NG TAGALOG HERALD INT'L.

MARAMING SALAMAT PO
TAGALOG HERALD INT'L
P.O. BOX 38021
CAINTA RIZAL 1900

Republic of the Philippines
PHILIPPINE POSTAL CORPORATION

SWORN STATEMENT

ADDRESS

NATIONWIDE HERALD

EUVIC SARMIENTO

ZENAIDA A. SARMIENTO

PROPRIETOR

ZENAIDA A. SARMIENTO
Signature

OFFICE MANAGER
Designation